HAYAAN

# ANG BIBLIYA

## ANG MAGSASALAYSAY

17

باللغة الفلبينية

المسابقة الثقافية
الرمضانية السابعة عشر
للجاليات ١٤٣٦هـ

# دع الإنجيل يتكلم

باللغة الفلبينية

ترجمة الداعية

عيسى ريال

# Hayaan Na Ang Bibliya Ang Magsasalaysay

Inihanda at Isinalin
Ni
Easa Real

## PAUNANG SALITA:

Ang pagsulat at paglathala ng babasahing ito ay hindi upang maging paraaan ng pananalakay. Bagkus isang paraan upang hikayatin na maliwanagan ang kapwa Kristiyano at Muslim na kung saan sila'y nasa iba't-ibang bahagi ng mundo na naninirahang sama-sama bilang magkababayan at magkapit-bahay. Sila'y malilinawan tungkol sa orihinal na pundasyon ng magkaibang pananampalataya at aming inaasahan na kanilang pahalagahan ang pundasyon ng pagkakaisa na nagbibigkis sa kanila bilang tagasunod pareho ng orihinal na pananampalataya. Ang pandaigdigang relihiyon ay nagtuturo ng pagtatalima sa kalooban ng nag-iisang tunay na Diyos bilang saligan at dito naitatag ang aral ng kilos at gawa ng tao. Malungkot na sabihin na si Propeta Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay walang naiwang mapanghawakan di-kagaya sa naiwan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Sa Banal na Qur'an nakasulat ang katuruan ng Islam na hindi nahaluan at nanatiling dalisay. Hindi naming nakita na magkatulad na naisulat sa Biblia. Ang huli ay maaaring mahambing sa mga tradisyon ng Propeta (hadith at sunnah). Ang mga winika at galaw ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) na nailahad sa Biblia ay tinanggap na di-tunay at bulaan, kagaya na naitatag mula sa di-totoo at mahinang patunay. Di-matanggihan na pagsubok ang ginawa para hiwalayin ang pangkat na gumagawa ng mga salawikain at iniukol na wika ng propeta.

Bahagi ng pagpuna ay dapat tanggapin, gayunman maraming makabagong paraan ang ginamit sa paglikom ng mga tradisyon ng propeta na ginamit din sa Ebanghelyo. Ang mga dalubhasang iskolar ay ibinuhos ang kanilang buhay sa paglikom ng tradisyon ng propeta at ginawa ang pagsisikap na mahigpit na ginamit sa siyentipikong pamantayan upang tiyakin ang tunay na tradisyon. Kahit kanilang ibinuhos ang pinakamahusay na pagsisikap at sayantipikong paraan,

subalit sila'y tao lamang na maaring magkamali. Sa mabuting palad, mayroong Banal na Qur'an na ang pagiging tunay ay hindi tinanong ng kaibigan at mga kaaway. Ito ang hindi mabubuwal na pundasyon ng Islam kung saan ang pananampalataya ay nakasalalay. Ito ang panghuling batayan ng tunay na mga tradisyon, at ang haligi na kung saan nakabatay ang Islam. Sa susunod na pahina ay iyong makikita ang mga sipi ng talata. Ito ang aking paraang makitungo lalo na sa napakahalagang bagay gaya ng relihiyon. Hindi ko nais na maging kasama sa pinahayag ng Banal na Qur'an. "Sila'y nakipagtalo tungkol sa Diyos na walang kaalaman, walang gabay at walang maliwanag na pinagbabatayang aklat."

Sa pagbabasa ko ng Biblia sa matagal na pag-iisa ko sa kulungan, sinubukan kung hanapin ang tunay na katuruan ni Hesus at ng mga propeta ng Israel na nauna sa kanya. Sampung taon at limang buwan akong nakulong at gayon din sampung taong matinding pag-aaral ng Biblia. Iningatan kung tinago at unti-unting inilabas ang mahigpit kung pinag-iingatan, ako'y naniniwala na ito'y magniningning sa kabila ng lahat.

Aking natagpuan ito.

Ako'y nanawagan sa kapatid kong mga Muslim na may limitadong kaalaman tungkol sa Kristiyanismo.

Sa mga kaibigan kong mga Kristiyano na katiting ang nalalaman tungkol sa tunay na Islam (at tunay na katuruan ng Kristiyanismo), sasabay sa amin na hanapin ang katotohanan sa sumusunod na pahina. Ating matatagpuan, dahil ang katotohanan ay ang tahanan na naitatag sa matibay na pundasyon, kahit ito'y ulanan at daanan ng hangin ito'y hindi mabubuwal. Sa Herusalem kung saan kapwa si Muhammad at Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan) inangat ang espirituwal na

katayuan sa makalangit na kalagayan at ito'y tanda ng maliwanag na pagpapahalaga, pansinin ang katotohanan na bumibigkis sa kapwa Muslim at Kristiyano na sila'y yumuyuko sa isang Diyos na kanilang masiglang sinasamba sa Masjid at simbahan sa Sagradong Libingan. Ang katotohanan na nag-iisa sa atin at layuan ang tradisyon ng tao at susunod sa batas ng Diyos. Ang katotohanan na nagbigkis sa atin na layuan ang paghiwalay ng relihiyon at itataguyod ang pagkakaisa.

Ang Allah ay nagwika sa Banal na Qur'an 23:49-50

﴿ وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ لَعَلَّهُمْ يَهْتَدُونَ ﴿٤٩﴾ وَجَعَلْنَا ٱبْنَ مَرْيَمَ وَأُمَّهُۥٓ ءَايَةً وَءَاوَيْنَٰهُمَآ إِلَىٰ رَبْوَةٍ
ذَاتِ قَرَارٍ وَمَعِينٍ ﴿٥٠﴾ ﴾ [المؤمنون: ٤٩ ـ ٥٠]

"Katotohanan binigyan namin si Moises ng Banal na Kasulatan, nagnais na sila'y gabayan. At ginawang tanda ang anak ni Maria at ang kanyang ina. At kinupkop namin sila sa mataas na lugar na may katiwasayan at batis."

Huwag tayong manatili sa kamalian kapag ang tuwid na landas ay maliwanag sa atin. Unawain natin ang bawat isa at pahahalagahan ang isang matapat na pagsikhay ng katotohanan.

Ali Muhsin

May-akda

"Ang pagiging makadiyos na batay sa pagkakamali ay huwag ipagtanggol"

Padre John L. Mackenzie

**ANG KATURUAN NG SIMBAHAN:**

Ang katagang "Simbahan" ay nangangahulugan ng sambayanang Kristiyano, o mahigit at tiyak na ang dalubhasang kaparian na inilagay sa kanila ang tungkuling bumuo ng katuruan at gawaing espirituwal at magkaloob ng ilang banal na pangangalaga at pinapaniwalaan bilang katuruan ni Hesu-Kristo. "Ang Simbahan", ay nangangahulugan din ng isang sekta na ang isang Kristiyano ay nasa ilalim nito.

Ang lahat na pangunahing Kristiyanismong Simbahan o sekta ay nagtuturo ng mga sumusunod na pinakamahalagang paniwala o artikulo ng paniniwala na walang pagtatanong.

1. Tanging mayroong nag-iisang Diyos lamang.
2. Sa Diyos ay mayroong tatlong Banal na Pagkatao; Ang Ama, Ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Sila'y tinatawag na Banal na Trinidad. Sila'y pantay at walang hanggang, walang pinagmulan at walang katapusan. Hindi sila tatlong Diyos, subalit sila'y isang Diyos lamang.
3. Ang Ama ay Diyos, ang unang persona ng Banal na Trinidad.
4. Ang Anak ay Diyos, ang pangalawang persona ng Banal na Trinidad. Siya ay si Hesu-Kristo, siya ang Diyos na naging anyong tao. Siya'y isinilang ni birhen Maria mga dalawang libong taon ang nakaraan sa Palestine, pinako sa krus, namatay at muling nabuhay. Ang kanyang kamatayan at pagtitiis sa krus bilang pag-sakripisyo para sa

kapatawaran ng kasalanan ng tao. Ito'y tinatawag na kabayaran ng kasalanan at siya'y tinagurian bilang Tagapagligtas at Tagapagtubos ng kasalanan.

5. Ang Banal na Espiritu ay ang pangatlong persona ng Banal na Trinidad. Pagkatapos namatay ni Hesus siya ang bumaba sa mga disipulo , at siyang namumuno ng simbahan.

6. Lahat na mga sanggol ay nagdadala ng mantsa na tinatawag na "Orihinal na Kasalanan" na minana mula sa pagkasala ni Adan.

7. Pagbinyag, ito'y seremonya ng pagbuhos ng tubig o sa ibang sekta sa paglubog sa tubig bilang pagtanggap sa kanya bilang kasapi sa Simbahan at naniniwala sa pagtubos ng kasalanan na ito lamang ang paraaan upang maligtas.

Ating susuriin ang Banal na doktrina ng Simbahan na ayon sa mga nakasulat sa Biblia na ito'y tinatanggap ng simbahan na walang pag-alinlangan bilang Salita ng Diyos na kanilang pinaghahawakan.

## ANG BIBLIA:

Ang Biblia ay nagmula sa salitang Griyego na nangahulugan, "Ang mga Aklat." Ito'y mga pinag-iipong aklat at dito nakasalalay ang Kristiyanismong paniniwala. Ating tanggapin na ito'y sulat ng napakaraming may-akda, kilala at di-kilala. At pinaniniwalaan na yaong may-akda ay may gabay ng Diyos at sila'y sumulat ayon sa kanyang pangangalaga at patnubay. Ito'y tinagurian na salita ng Diyos. Ang

Biblia ng Katoliko ay may pagkakaiba sa Biblia ng mga Protestante. Ang una ay binubuo ng 73 aklat, at ang kasunod ay mayroong 66 na aklat lamang.

Sa kabuuan ang Biblia ay nahahati sa dalawa. Ang Lumang Tipan, ito'y sinulat bago dumating si Hesu-Kristo, at ang Bagong Tipan pagkatapos ni Hesus. Ito'y naglalarawan ng kanyang buhay, katuruan at mga gawa ng kanyang mga Apostol sa pagpalaganap ng Kristiyanismong paniniwala. Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng mga sulat para sa ibat-ibang sangay ng Kristiyanismo at mga tao. Ito'y sinulat ni Pablo, isang Hudyo na naging pinuno ng Kristiyanismong pananampalataya. At siya ang kinikilalang pinuno ng makabagong Kristiyanismo

Ang Lumang Tipan na nasa kasalukuyang anyo ay maaaring sinulat pagkatapos bumalik ang mga Hudyo mula sa pagka-alipin sa Babilonya noong 536 B.C. Ang Bagong Tipan ay inipon at tinanggap bilang saligan noong ikaapat na siglo pagkatapos ni Kristo (mga 367 A.D.). Maliban sa apat na Ebanghelyo (nagpaliwanag ng buhay at turo ni Hesus) mayroon pang ibang bilang ng Ebanghelyo sa Biblia na hindi tinanggap ng mga pinuno ng Simbahan at ilan sa kanila'y matutunghayan kahit ngayon. Ang ibang aklat na ito ay tinanggap ng ibang Kristiyano subalit ang pangunahing Simbahang Kristiyano ay hindi tumanggap. Ito'y tinawag na Apocrypa, salitang Griyego na nangahulugan, "Ang Nakatago", subalit ito'y maling pagkaunawa, ito'y nangahulugang "bulaan, di-totoo". Ang legal na kanilang tinanggap ay ang tinatawag na "Kanonikal." Dahil sa aklat na ito ang Biblia ay kinikilala na Salita ng Diyos.

## ANG ORIHINAL NA KASALANAN

Sa Lumang Tipan ang unang aklat ng Genesis, ating matatagpuan ang kuwento tungkol sa pagkalikha at pagkasala ng tao. Ito'y nagtatalakay sa pagkasala ni Adan.

"Inilagay ni Yahweh ang tao sa halaman ng Eden upang ito'y pangalagaan at pagyamanin. Sinabi niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halaman, maliban sa bunga ng punong-kahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakanin ang bungang iyon; mamatay ka kapag kumain ka niyan." Genesis 2 : 15 – 17

Subalit si Adan ay pinilit ng kanyang asawang si Eba na lumabag sa batas ng Diyos at kinain ang pinagbawal na puno ng kaalaman. At sinumpa sila ng Diyos. Sa babae naman ito ang salaysay: "Sa pagbubuntis mo ay mahihirapan, lalo kung sumapit ang 'yong pagluluwal; Ang lalaking ito na asawang hirang, susundin mong lagi habang nabubuhay." Hinarap naman ng Diyos si Adan: Pagkat nakinig ka sa asawang hirang, nang iyong kainin yaong bungang bawal; Sa nangyaring ito, ang lupang tanima'y Aking susumpain magpakailanman, ang lupaing ito para pag-anihan, pagpapawisan mo habang nabubuhay. Mga damo't tinik ang 'yong aanihin, halaman sa gubat ang iyong kakainin; upang pag-anihan ang iyong bukirin, magpakahirap ka hanggang sa malibing. Yamang sa alabok, doon ka nanggaling, sa lupang alabok ay babalik ka rin. Genesis 3 : 16 – 19

Dahil sa kanilang pagkasala, ang Simbahan ay nagtuturo na nawala ang Banal na parangal at ang pambihirang handog, sila'y makatikim ng kamatayan. Kanilang maranasan ang malakas na tukso ng

kasamaan at sila'y tinaboy mula sa Harden ng paraiso. Dahil sa pagkasala ni Adan ang tao ay isinilang na malayo sa banal na parangal at kanilang mamanahin ang kaparusahan. Ito ang tinatawag na Orihinal na Kasalanan.

Ang kaalaman ni Pablo ang nagpaunlad ng doktrinang Orihinal na Kasalanan upang ipangatwiran ang doktrinang pagtubos ng kasalanan sa pagkamatay ni Hesus sa krus. Ang sulat ni Pablo sa taga-Roma;

"Ang kasalana'y pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan niya."

Dahil dito, lumaganap ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala. Nasa sanlibutan na ang kasalanan bago pa ibinigay ang kautusan, ngunit walang pinananagot sa kasalanan kung walang kautusan. Gayunman, naghari ang kamatayan mula kay Adan hanggang kay Moises, kahit sa mga tao na ang pagkakasala'y di tulad ng pagsuway ni Adan. Si Adan ay anino ng isang darating. Ngunit magkaiba ang dalawang tao, sapagkat ang kagandahang loob ng Diyos ay higit na di-hamak kaysa pagsuway ni Adan. Totoo ngang nagdala ng kamatayan sa marami ang pagsuway ni Adan, ngunit malaki ang kahigitan ng kagandahang loob ng Diyos at nagkaloob na dumating sa napakarami sa pamamagitan ng isang tao – si Hesu-Kristo. Roman 5 : 12-15

Sa taga-Corinto si San Pablo ay sumulat: Sapagkat kung paanong mamatay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Adan, gayon din naman, mabubuhay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Kristo.
1 Corinto 15 : 22

Ang doktrina ni Pablo tungkol sa Orihinal na kasalanan ay salungat sa ibang talata sa Biblia. Sa Deuteronimo, si Moises ay

nagwika: "Ang ama ay di-dapat pagdusahin sa kasalanan ng anak ni ang anak sa kasalanan ng ama: kung sino ang maysala ay siyang dapat magdusa. Deuteronimo 24 : 16

Sa Jeremias ating mabasa: Pagdating ng panahong iyon ay hindi sasabihin, "Kumain ng maasim na ubas ang mga ama, at nangilo ang ngipin ng mga anak." Sa halip, kung sino ang kumain ng maasim na ubas ay siyang mangingilo; mamamatay ang isang tao dahil sa kanyang kasalanan. Jeremias 31 : 29-30

Ito ay lubos na tinalakay at binanggit sa Ezekiel:

"Maaring itanong mo kung bakit hindi dapat pagdusahan ng anak ang kasalanan ng ama. Pagkat matuwid ang mga gawa ng anak, sumunod siyang mabuti sa aking mga tuntunin, kaya dapat siyang mabuhay. Ang nagkasala ang dapat mamatay. Ang anak ay di-dapat magdusa dahil sa kasalanan ng ama, at ang ama ay di-dapat magdusa dahil sa kasamaan ng anak. Ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pagiging matuwid at ang masama ay mamamatay sa kanyang kasamaan." Ezekiel 18 : 19-20

Sa Bagong Tipan din ay may mga patunay na sinasabi ni Hesu-Kristo na salungat sa katuruan ng namanang kasalanan: Sa paglalakad ni Hesus ay may nakita siyang isang lalaking ipinanganak na bulag. Tinanong siya ng kanyang mga alagad, "Rabi, sino ang nagkasala at ipinanganak na bulag ang lalaking ito, siya o ang kanyang mga magulang?" Sumagot si Hesus : "Ipinanganak na bulag ang lalaking ito hindi dahil sa nagkasala siya o ang kanyang mga magulang, kundi upang mahayag ang kapangyarihan ng Diyos.
Juan 9 : 1-3

Kabaliktaran sa katuruan ng Simbahan, na nasa ilalim ng kanyang pangalan ang lahat na sanggol ay isinilang na mayroong kasalanan. Si Hesu-Kristo ay matatag na nagpatunay tungkol sa kanilang kawalang-kasalanan sa sumusunod na sipi sa Ebanghelyo ayon kay Mateo ay ating matunghayan.

..at sinabi: "Tandaan ninyo ito: kapag hindi kayo nagbago at tumulad sa mga bata, hinding-hindi kayo mabibilang sa mga kaharian ng Diyos." Mateo 18 : 3

At ating matunghayan na ang doktrina ng manang kasalanan ay mga mungkahi ni Pablo sa kanyang sulat sa taga-Corinto (nakasaad sa itaas) na salungat sa salita ng Diyos ni Moises na may mapaniwalaang patunay mula sa Deuteronimo, Jeremias, Ezekiel (Lumang Tipan) at gayon din si Hesus sa Juan at Mateo (Bagong Tipan). Gayunman ang Simbahan ay may layong itakwil ang mga patunay mula sa Luma at Bagong Tipan ng Ebanghelyo na ito'y pinakabahagi ng Biblia at umasa sa sulat ni Pablo na walang kadahilanan na ilakip at isama sa Biblia.

## SINO SI PABLO?

San Pablo

Si San Pablo ay isang Hudyo, isinilang sa Tarsus at tinatawag ngayon na Turkey. Noong siya'y isinilang, ang bansang yaon ay bahagi ng Emperor ng Roma, kahit siya'y laking Hudyo siya'y masayang nagiging mamayang Romano. Si Pablo ay hindi isa sa alagad ni Kristo sa kanyang kapanahunan. Katotohanan, walang patunay na siya'y nakipagkita kay Hesus. Ang nalalaman na siya ay may matinding galit sa mga Kristiyano, at siya'y nakipagkasundo na tugisin ang mga

nagtatagong Kristiyano, pahirapan at patayin. Siya'y saksi noong batohin si San Esteban, unang Kristiyanong martir.

Noong siya'y nasa daan patungong Damasco, siya'y nag-ulat na kanyang naranasan ang isang pangitain kasama si Kristo, at naging isang masigasig na tagapagpalaganap ng Kristiyanismo at inangkin na ito'y pinahiwatig sa kanya ni Kristo sa pamagitan ng pangitain. Ang "ipinahayag" na salin na Kristiyanismo ay sadyang magkaiba sa katuruan ng mga piling alagad ni Hesus. Kaya mayroong malubhang pagkasalungat sa pagitan ni Pablo at sa orihinal na tagasunod ni Moises at mahigpit na sumusunod sa Hudahismong paniniwala.

## ANG TANGING NAG-IISANG ANAK NG DIYOS

Sa apat na Ebanghelyo ng Biblia ating matagpuan ng ilang beses na si Hesu-Kristo ay tinawag na "Anak ng Diyos". Ang mga sumusunod ay mga halimbawa:

Nakatayo sa harap ng krus ang isang kapitan ng mga kawal at kanyang nakita kung paano namatay si Hesus kaya't sinabi niya, "Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito." Mateo 15:39

Sumagot ang anghel: "Bababa' sa iyo ang Espiritu Santo, at liliman ka ng kapangyarihan ng kataas-taasan. Kaya't banal ang ipanganak mo at tatawaging anak ng Diyos." Lukas 1:35

Ibig mong sabihin ikaw ang Anak ng Diyos? Tanong ng lahat, "Kayo na rin ang nagsasabing ako nga." Lukas 22:70

Nananalig siya sa Diyos at sinabi niyang siya ang Anak ng Diyos. Iligtas siya ng Diyos kung talagang iniibig siya! Mateo 27:43

Bawat inaalihan ng masamang ispiritu na nakakita sa kanya ay nagpapatirapa sa harapan niya at sumisigaw, "Ikaw ang Anak ng Diyos! At mahigpit silang pinagbawalan ni Hesus, ayaw niyang ipasabi kung sino siya. Marcos 3:11-12

Nang dumating si Hesus sa ibayo, sa lupain ng mga Gadareno, sinalubong siya ng dalawang lalaking galing sa libingan. Sila'y inaalihan ng mga demonyo at napakabangis kaya't walang nangahas na dumaan doon. Pagdakay sumigaw sila: "Ano ang pakialam mo sa amin, Anak ng Diyos? Naparito ka ba upang pahirapan kami nang hindi pa panahon?"

Sa Ebanghelyo ni Mateo, Marcos, Lukas ay mayroong mahigit 22 ulit na pinagbabatayan na si Hesus ay anak ng Diyos, subalit walang isa sa kanila na tinawag niya ang kanyang sarili na Anak ng Diyos. Sa Mateo 27:43 ito'y isang pahayag ng pinuno ng kaparian, eskribo at mga saserdote na nangungutya kay Hesus. Ito ay hindi balita mula sa may-akda ng Ebanghelyo. Ito'y mga pangkaraniwan o mga sira-ulo, mga demonyo at maruruming espiritu o mga paganong sundalo na nagtukoy sa kanya na siya ay Anak ng Diyos. Siya ay tinuring na Anak ni Adan, ibig sabihin anak ng tao. Ang pamagat na ito ay mahigit sa 80 beses inulit sa Ebanghelyo. Ang mga Hudyong tagapag-usig, dahil sa kanilang masamang hangarin na siya'y umangkin bilang Hari ng mga Hudyo upang kanyang makamtan ang poot ng Pinunong Romano, at kanyang inangkin bilang anak ng Diyos upang galitin ang mga Hudyo.

Si Francis Young, Tagapanayam ng Bagong Tipang pag-aaral sa Unibersidad ng Birmingham, sinulat sa kanyang aklat na pinamagatan, "Ang Alamat ng Diyos na nagiging tao", siya'y nagwika: Bukod kay Juan na ang nagsasalaysay ay maliwanag na mula sa bibig ni Hesus, at ang ibang Ebanghelyo ay maliwanag na naglalarawan na hindi ito salita

ni Hesus at ang ginagamit na kataga ay katulad ng "Nag-iisang banal na Diyos" o "Anak ni David" o "Anak ng Diyos". Nag-iisa sa mga pamagat na "Anak ng Tao" ang palagiang ginagamit ni Hesus sa kanyang sarili.

Dapat nating alalahanin na sa panahon ni Hesus pangkaraniwan ang katawagang may pagkadiyos, hindi lamang sa nakatagong mitolohoyang katangian maging sa mga manunulat. Si Laertus, isang paganong manunulat ng buhay ng mga Pilosopo, siya'y sumulat na ilan sa mga Pilosopo ay anak ng Diyos. Si Pilato ay nilarawan na mayroong katangiang makadiyos. Ganoon din si Pythagoras ang pinaniniwalaang anak ng Diyos, si Hermes. Si Empedokles ay tinaguriang walang kamatayan. Diyos na nagpagaling ng may mga sakit, siya'y sinasamba at pinupuri ng kanyang tagasunod. Si Plutarch nagpahayag na si Alexander the Great ay nagmula sa banal na lahi. Si Romulus ang kanuno-nunoan ng mga Romano ay kinikilala bilang anak ni Mars, ang diyos ng digmaan. Siya'y pinaniwalaan na dinala sa kalangitan. Ang pagtanghal kay Julius Caesar noong 48 B.C. na lahi ng diyos na naging tao at kamag-anakan ni Ares at Aphrodite bilang tagapagligtas ng sanlibutan. Isang pagkilala kay Augustus Caesar: "Ang Emperador na si Caesar, anak ng Diyos at ang ama ng Diyos na si Augustus, tagapangalaga ng karagatan at kalupaan.

Ang mga pamagat na ito "Diyos" o "Anak ng Diyos" o "Panginoon" ay laganap sa Mediteranya sa kapanahunan ni Hesus subalit hindi nakaakit sa mga taong may tamang pananalig sa Hudahismong aral. Ito'y katagang ginagamit palagi ng karamihan. Ang mga alamat na bumabalot sa mga taong may kathang isip at mga kuwento ay magkatulad sa ginawa ng mga Kristiyano sa katayuan ni Propeta Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Si Francis Young sa kanyang sanaysay na pinamagatan "Dalawang ugat o ang Nagkagulong Misa?"

"Bukod diyan, di-matanggihan na walang pagkakaiba ang kanilang ginawa sa katayuan ni Hesus. Halimbawa, kabuuang magkahawig na isinalaysay ni Livy tungkol kay Romulus at sa mga pangyayari na naibalita tungkol sa buhay ni Hesus: ang pagsilang mula sa birhen, pagdadalang tao, di-karaniwang tungkulin, walang bakas ng kanyang bangkay pagkatapos siyang mamatay, nagpakita pagkatapos mamatay upang ihabilin ang tungkulin ng kanyang tagasunod, at ang pag-alay ng dasal para sa kanya. Di-madaling kumbinsihin sa tuwirang pamamaraan, subalit kapag sila'y nabubuhay sa isang pagkakataon madali ang paggawa ng mitolohiyang pangyayari na magkahawig ang layunin.

Kapag balikan ang teksto ng Biblia, noong dinala si Hesus sa harapan ng hukuman at siya'y tumanggi sa paratang sa kanya na siya'y inakusahan na umangkin bilang anak ng Diyos, ang mga ulol na tao at mga pagano ay nagpapalaganap tungkol sa kanya. Ang pinunong saserdote ay tumayo at nagsabi:

"Wala ka bang maisasagot sa paratang na ito sa iyo? Ngunit hindi umimik si Hesus. At sinabi sa kanya ng pinakapunong saserdote: "Inutos ko sa iyo: sabihin mo sa amin, sa ngalan ng Diyos na buhay kung ikaw ay Mesias, ang anak ng Diyos! Sumagot si Hesus, "Kayo na ang nagsabi". Ngunit sinabi ko sa iyo: mula sa ngayon ay makikita ninyo ang anak ng taong nakaupo sa kanan ng makapangyarihan at dumarating na nasa alapaap ng langit!

Ang tatlong Ebanghelyo ni Mateo, Marcos, Lukas (tinatawag na "sypnotic" – ibig sabihin mga pinag-ayunan dahil sila'y nagsing-ayun sa mga nilalaman) hindi nagtukoy na si Hesus ay tanging Anak ng Diyos. Ang Ebanghelyo ni Juan lamang ang nagbibigay diin sa pagkadiyos ni Hesus at tinawag siyang anak ng Diyos.

Naging tao ang salita at siya'y naninirahan sa piling natin. Nakita natin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan. Tinanggap niya mula sa Ama ang kapangyarihan at kadakilaang ito bilang bugtong na Anak. Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.
Juan 3:16

Ano ang espesyal tungkol sa paggamit ng salitang "Anak ng Diyos"? Kapag ating babalikan ang Biblia, ito'y pamagat na ginagamit sa iba maliban kay Hesus. Sa Lumang Tipan ito'y ginagamit na bago pa isinilang si Hesus.

Makapal na ang tao sa daigdig nang panahong iyon. Marami silang anak na babae, at ang mga ito'y magaganda. Nang makita sila ng mga anak ng Diyos, ang mga ito'y pumili sa kanila ng kanya-kanyang asawa. Genesis 6: 1-2

Sino ang may hawak ng pundasyon ng mundo? Sino ang naglagay ng mga panukalang-bato? Noon ay umawit ang mga tula sa umaga, at ang mga anghel ay nagdiwang at nagsaya. Job 38:6-7

Gayunmay magiging kasindami ng buhangin sa dagat ang bilang ng mga Taga-Israel, hindi mabibilang sa karamihan. At sa dakong sinabi sa kanila, "Kayo'y hindi ko bayan" sasabihin sa kanila, "kayo'y mga anak ng Diyos na buhay".

Maliwanag na ito'y ginagamit na salita bago pa man dumating ang panahon ni Hesus, ang salitang "Anak ng Diyos" na ginagamit ng mga Hebrong manunulat sa pangrelihiyong talakayan ito'y tumutukoy sa

mga minamahal ng Diyos. Si Marcello Craveri, Italyanong tagapangasiwa ng Biblia, sa sinulat niyang: Ang buhay ni Hesus, gayunman naniwala na ang katagang ito ay dumanas ng pagbabago sa maling pagsalin. Sa kanyang sinulat:

"Katotohanan, ang Lumang Tipan ay hindi naglalaman ng pariralang ebed Yahweh na ito'y nangangahulugan ng "katulong ng Diyos" o "Alipin ng Diyos o utusan ng Diyos". Ang Septuagint (Griyegong bersyon ng Lumang Tipan) sinalin sa alanganing kahulugan na pais Theou, na malapit sa sinasabing pais, o latin na puer, na nangahulugan ng maliit na bata o kaya'y "alipin". Paglipas ng panahon, ang pais ay pinalitan ng salitang Hyos, na ang kahulugan ay "anak".

Sa katunayan, ang salitang "Diyos" ay kadalasang ginagamit ng literaturang Hebreyo. Sa Exodus ating mababasa na si Moises ay kinausap ng Diyos at sinabi ang kanyang kaugnayan sa kanyang kapatid na si Aaron.

Siya ay magiging tagapagsalita sa mga tao at ikaw ang magiging parang Diyos na magsasabi sa kanya kung ano ang kanyang sasabihin. Exodus 4:16

Pag-ukulan ng pansin ang talatang sumusunod:

Ang sabi ko, "kayo'y diyos, anak ng kataas-taasan, ngunit tulad nitong tao, lahat kayo'y mamamatay; katulad din ng prinsipe, papanaw ang inyong buhay." Awit 86: 6 –7

Ang mga talastas na yaon ay mula sa Lumang Tipan, ngayon tingnan natin ang Bagong Tipan na binalita ni Lukas sa seremonya ni Hesus.

"Sa halip, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gawan ninyo sila ng mabuti. Magpahiram kayo na hindi umaasa ng anumang kabayaran. Sa ngayon, malaking gantimpala ang tatamuhin ninyo, at kayo'y magiging anak ng kataas-taasan. Sapagkat siya'y mabuti sa masama at sa mga hindi marunong tumanaw ng utang na loob. Lukas 6:35

Ayon sa Ebanghelyo ni Mateo, binalita na si Hesus ay nagsabi:

"Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagsusundo, sapagkat sila'y tinuring ng Diyos na mga anak niya. Mateo 5:9

Ang sulat ni Pablo sa taga-Roma:

Ang lahat ng pinatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. Roma 8:14

Si Juan at Pablo ang dalawang taong nagsumikap na gumawa ng paturing na si Hesus ay anak ng Diyos, subalit sila rin ang tuluyang tumanggap na hindi lamang si Hesus ang anak ng Diyos, subalit "lahat na pinatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos".

Ating tingnan ang binanggit ni Juan na siya rin ang nagtangkang nagpasimuno sa salitang "tanging anak ng Diyos". Sa pakikipagtalo ni Hesus sa mga Hudyo na nagtangkang batuhin siya, nagtanong siya kung saan sa kanyang mabuting nagawa na siya'y kanilang batuhin? Sinagot siya ng mga Hudyo, "Hindi dahil sa mabuting gawa kaya ka naming babatuhin, kundi dahil sa paglapastangan mo sa Diyos! Sapagkat nagpanggap kang Diyos gayong tao ka lang", tumugon si Hesus, "Hindi ba nakasulat sa inyong kautusan, sinabi ko, mga diyos kayo". Mga diyos ang tawag ng kautusan sa mga pinagkatiwalaan ng salita ng Diyos, at

hindi maaring tanggihan ang sinabi ng kasulatan. Ako'y hinirang at sinugo ng Ama; paano ninyong masasabi ngayon na nilalapastangan ang Diyos sa sinasabi kong ako ang Anak ng Diyos?

Sa madaling salita tinutukoy ni Hesus sa kanyang tagapag-usig na Hudyo na ang salitang anak ng Diyos ay hindi lapastangan kaysa sa salitang "diyos" na ginagamit na paggalang sa iba na nauna sa kanya. Bagamat ito ay tinutukoy ni Juan sa kanyang Ebanghelyo. Ang "anak ng tao" ay ang salitang napili ni Hesus na itawag sa kanya, sa Hebreo, Arabik at Swahili: "Bin Adam," nangangahulugang "anak ng tao". Ito'y inulit ng mahigit 80 beses sa Bagong Tipan at kadalasan ng ginagamit ni Hesus. Walang balita na sinasabi ni Hesus ng lubusan na tinawag ang kanyang sarili na anak ng Diyos sa espesyal na katayuan.

Sa wakas ating pansinin ang katapusang salita ni Kristo bago pa siya umakyat sa langit na sinalaysay ni Juan: "Sa halip, pumunta ka sa aking mga kapatid at sabihin mong aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos".

Juan 20:17

Maliwanag unawain ang sinabi ni Hesus, na ang kanyang pagiging anak ay walang pagkakaiba sa pagiging anak ng sangkatauhan.

Ang Amerikanong manunulat, si Upton Sinclair, sa kanyang aklat, "Ang pagkatao ni Hesus". At halos lahat ay nag-iisip ng ganito: Ang pagtawag sa Diyos na Ama, siya ay nagpahayag na siya ay anak, at ating liwanagin na tinawag niya ang Diyos bilang inyong Ama. Ito'y nabanggit ng 18 beses sa Bagong Tipan. Ang "Makalangit na Ama'y nakakaalam" at iba pa. Ibig niyang ipahiwatig na tayong lahat ay anak ng Diyos, at siya'y isa sa kanila.

## ANG DIYOS AT SI HESUS (Sila ba ay magkatulad?)

Ang Simbahang Kristiyano ay nagturo na si Hesu-Kristo ay tanging Anak ng Diyos, subalit siya ay ang "Diyos". Ang Ama, Anak at Espiritu ay isa. Tatlo sa isa, at isa sa tatlo. Silang lahat ay walang katapusan at magkatulad. Si Hesus ay Diyos, at ang Diyos ay si Hesus. Ito ang paniniwala ng kristiyano at nagtukoy sa kanilang sarili na sila'y kristiyano.

Si San Pablo sa kanyang unang sulat sa taga-Corinto:

Kung magkagayon, lilitaw na kami'y mga bulaang saksi ng Diyos, sapagkat pinatotohanan namin na muling binuhay ng Diyos si Kristo ngunit lilitaw na hindi ito totoo, kung talagang di-buhayin muli ang mga patay. 1 Corinto 15:15

Kahit sa paratang ni Pablo na si Hesus ay isang Diyos, ang kanyang sinabi : "Binuhay ng Diyos si Kristo". Kapag si Hesus at ang Diyos ay iisa at magkatulad, mainam na kanyang gamitin ang salitang ito: Si Hesus ay binuhay niya ang kanyang sarili. Kapag ang Diyos ang bumuhay kay Hesus, hindi maaring magkatulad silang dalawa, dahil ang isa ang tagapagbuhay at ang isa ang binuhay.

Si Juan ang malakas na nagturing sa pagka-Diyos ni Kristo, nagsalaysay sa kanyang Ebanghelyo na sinabi ni Hesus: Huwag guluhin ang inyong puso: maniwala sa Diyos, at maniwala din sa akin. Ang salitang "din", ay nagbibigay diin sa pagkakaiba ng Diyos at ni Kristo.

Sa mga Gawa ng Apostol ating mabasa: At si Esteban ay nagwika: "Bukas ang kalangitan" sabi niya, "at nakikita ko ang Anak ng tao nakatayo at nasa kanang kamay ng Diyos". Gawa 7:56

Ang Anak ng tao ay pinili ni Hesus na itawag sa kanyang sarili, nakita ni Esteban na nakatayo at sa kanyang kanang kamay ng Diyos. Magkagayon sa puntong yaon siya ay hindi Diyos; ito ang paglalarawan sa pangyayari sa paraiso. Sa Hebreo 2 si Hesus ay inilarawan na hindi Diyos nitong mundo, "Kaya't dakilang katulad siya sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan: sa gayon, siya'y naging isang dakilang saserdote, mahabagin at tapat, naglilingkod sa Diyos".

Sa bundok ng Oliba, siya'y dinakip ng mga Hudyo, sa isang pagkakataon na siya'y lumayo sa kanyang mga disipulo, sa kanyang pag-iisa siya'y nanalangin sa Diyos. "Ama" winika niya, kung maari'y ilayo mo sa akin ang sarong ito. Gayunman huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo". Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa langit at pinalakas ang loob niya". Lukas 22: 42 –43

**Ang Tatlong mahalagang bagay:**

1. Si Hesus ay nanalangin sa Diyos, siya'y sumasamba sa Diyos. Magkagayon silang dalawa ay magkakahiwalay at magkakaiba ang katayuan na kung saan ang isa sa kanila ay sumasamba sa isa.

2. Sila'y may magkakahiwalay na pasiya, si Hesus bilang anak ng tao ay mababa kaysa sa kalooban ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ang siyang nangingibabaw.

3. Si Hesus, bilang tao nagiging mahina ang kanyang damdamin. Ang makapangyarihang Diyos ang

pinagmulan ng lakas, siya'y nagpadala ng anghel upang palakasin si Hesus.

"Sapagkat dakila ang Ama kaysa sa akin". Juan 14:28

Nang mag-ikatlo ng hapon sumigaw si Hesus, "Eli, Eli, lama sabachthani?" ibig sabihin "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" Mateo 27:46

Sadyang maliwanag na si Hesus at ang Diyos ay hindi lamang magkahiwalay, subalit magkaiba ang kanilang katayuan. Sadyang nakakagulat ang nawawalang pag-asa na boses ni Hesus sa krus. Malayo bilang isang anak ng Diyos, at hindi natin inaasahan maging sa karaniwang tao na may pananalig sa Diyos.

· **MGA HIMALA**: Kaninong kapangyarihan?

Ilan sa mga patunay na nagpatibay sa pagka-diyos ni Hesus ay ang mga himala na siya'y pinarangalan sa Ebanghelyo na kanyang nagawa. Ang paggawa ng alak mula sa tubig, pagpagaling ng mga kitongin at paralitiko, pagpalabas ng demonyo sa katawan ng tao, pagbuhay ng patay, at paglakad sa ibabaw ng tubig. Subalit ito'y nagawa ni Hesus ayon sa kapahintulutan ng Diyos na nagpadala sa kanya.

Sapagkat hindi ako nagsalita sa ganang sarili ko lamang, kundi ang Amang nagsugo sa akin ang siyang nag-utos kung ano ang aking sasabihin at ipahayag. At alam ko na ang kanyang utos ang nagbigay ng buhay na walang hanggang. Kaya't ang ipinasasabi ng Ama ang siya kong sinasabi. Juan 12:49-50

Wala akong ginawa sa sarili ko lamang. Humatol ako ayon sa sinasabi sa akin ng Ama, kaya't matuwid ang hatol ko; hindi ang sarili kong kalooban ang aking sinusunod kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin. Juan 5:30

Si Hesus ay nangangatwiran sa kanyang salita at gawa na siya'y sumusunod lamang sa kapangyarihan at kautusan ng Diyos. Sa kuwentong binuhay si Lazaro mula sa kamatayan na sinalaysay ni Juan:

Muling napahimutok si Hesus pagdating sa libingan. Ito'y yungib na natatakpan ng isang bato. "Alisin ninyo ang bato, alisin ninyo ang bato", sabi ni Hesus. Sumagot si Marta, "Panginoon, nangangamoy na po siya ngayon; apat na araw na siyang patay". Sinabi ni Hesus, "hindi ba sinabi ko sa iyo na kung manalig ka sa akin ay makikita mo kung gaano kadakila ang Diyos? At inalis ang bato. Tumingala si Hesus at ang wika, "Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, sapagkat dininig mo ako. Alam kong lagi mo akong dinirinig. Ngunit sinabi ko ito dahil sa mga taong nasa paligid ko, upang maniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin. Pagkasabi nito sumigaw siya. "Lazaro, lumabas ka! Lumabas si Lazaro: napupuluputan ng kayong panlibing ang kanyang mga kamay at paa, at nababalot ng panyo ang kanyang mukha. Sinabi ni Hesus sa kanila, "kalagan ninyo siya, at nang makalaya". Juan 11:38-44

Tatlong mahalagang bagay:

1. Sinabi ni Hesus kay Marta na "makikita niya ang kaluwalhatian ng Diyos", hindi ang kanyang kaluwalhatian, palaging niluluwalhati ni Hesus ang kapurihan ng Diyos na nagpadala sa kanya.

2. Si Hesus ay nanalangin sa Diyos sa kanyang mga himalang nagawa. Siya'y masunurin at palagian nagpapasalamat sa Diyos sa mga kasagutan ng kanyang panalangin.

3. Dinanas ni Hesus ang hapdi upang kumbinsihin ang mga tao na siya ay pinadala ng Diyos, at ang kanyang mga ginawa ay nangyari lamang sa kapangyarihan ng Diyos.

Mahigit na magawa din ni Hesus ang pagbangon ng kanyang sarili mula sa kamatayan, ang tinatawag na muling pagkabuhay. Subalit lahat na tinutukoy na pangyayari sa Biblia ay maliwanag na ang Diyos ang bumuhay sa kanila. Hindi siya bumangon ng saganang kanyang kagustuhan. Katunayan hindi siya lamang ang bukod-tangi sa pangyayaring ito.

Sa 2 Hari 4 : 32–35 ating mabasa na ang isang bata ay bumangon mula sa kamatayan. At gayon din ang binalita sa 1 Hari 17:22. Ang Biblia ay nagsalaysay tungkol sa mga tao na umakyat sa langit.

"at sa buong panahong iyon kasama nga niya (si Enok) ang Diyos. Pagkatapos nawala siya sapagkat kinuha ng Diyos.

Genesis 5:24

Sila yaong mga taong tanyag at may mahalagang tungkulin bago pa dumating si Hesus at maging sa kanyang kapanahunan. Si Josepus sa kanyang sinulat noong unang panahon, nagwika tungkol kay Moises, "ang alapaap ay biglang humarap sa kanya at siya'y nawala sa isang libis, bagamat sinulat niya sa banal na aklat na siya'y namatay, ito'y nangyari lamang dahil sa pagkatakot, nawa'y sila'y matakot sa pagwika ng ganyan, dahil sa pambihirang katangian, siya'y pumunta sa Diyos". Binanggit din ni Josepus na may mga tao na nag-akala na si Moises ay may katangiang pagka-Diyos.

Ayon kay J. Jeremias sa kanyang sinulat na Moyses: Si Enok, Moises at Elijah ay umakyat sa langit.

## ANG PAGSILANG NG BIRHEN

Ang pagsilang ng birhen kay Hesus ay pinahalagahan na siyang pinakamataas na hiwaga na nagpapatibay sa pagiging diyos ni Hesus. Si Maurice Wiles, isang Propesor ng Dibinidad at pinuno ng Simbahan ni Kristo sa Oxford, Pangulo ng Simbahan ng Inglatera, sinulat sa kanyang lathalain: Kristiyanismo na walang Pagkatawang-tao ng Diyos? At sa kanyang aklat: Ang Alamat ng Diyos na naging tao.

"Simula pa sa siglong ito, ang pag-alinlangan ay ibinunyag tungkol sa maliwanag na katotohanan sa pagdadalang tao ng birhen kay Hesus, ito ay palagiang pananalakay sa doktrina ng Pagkatawang-tao ng Diyos. Ang pagsilang ng birhen ay matatag na kinikilala bilang dahilan ng Pagkatawang-tao ng Diyos, at itong dalawa ay sabay na pinapaniwalaan o kaya'y walang katotohanan.

Malakas at di-mapaglabanang pakipagtalo ang sinulat sa simula ang ipinahayag laban sa doktrina ng Pagkatawang-tao ng Diyos, halimbawa, ang paniwala na ang Diyos na makapangyarihan ay nagiging anyong tao sa katauhan ni Hesus ng Nazareno. Ang diskusyong ito ay inihanay mula sa Banal na Qur'an na may kahawig sa pagkalikha kay Adan, mula sa walang tatay at walang nanay. Ang pagdalang tao ni Elisabet, ang asawa ni Zakariya, sila'y mga baog at lumampas na sa edad ng panganganak subalit siya'y nagsilang pa kay Juan Bautista. Sa katayuan ni Zakariya, ang Qur'an ay nagwika:

"Ang Allah ay tumutupad ng kanyang ninais". Qur'an 3:40

At sa katayuan ni Maria, ang Qur'an ay nagwika:

"Kahit pa: Ang Allah ay lumikha ng Kanyang ninais: kapag siya'y magbadya ng Kanyang ninais, Siya'y magwika lamang "Mangyari" at ito'y mangyari. Qu'ran 3:47

Subalit ito'y ayon sa banal na diskusiyon, ito'y para lamang sa mga taong may pananampalataya. Mayroong tumanggap na itong lahat ay pawang alamat lamang, at nagtanghal ng kasintulad na pag-aangkin ng pagsilang ng birhen sa mga paganong pagka-diyos bago pa dumating si Hesu-Kristo. Si Persus ng Greyigo ay kinilalang ipinanganak ni Danae. Ang birhen na si Rhea Silvia ay nagsilang kay Romulus ng Roma. Ang taga-Ehiptong si Horus ay isinilang ni Isis, ang kalinis-linisang birhen at reyna ng langit. Ang diskusyong ito ay kasalukuyang nangyayari sa Mediteranya sa kapanahunan ni Hesus na mayroong magkahawig na pangyayari.

Ang Rasyonalistang tagapagsalin ng Biblia nakatagpo ng pagkakamali sa kasalukuyang salin ng Biblia, at sinulat ang kanilang pinapaniwalaang higit na tumpak ayon sa orihinal na teksto. Pinagbintangan ni Marcello Craveri ang pinuno ng simbahan na naglunsad na siyasatin ang bawat sipi ng banal na kasulatan na nagsasaad tungkol sa pagdating ng "Anak ng Diyos" mula sa pagsilang ng birhen. Ang halimbawa na tinutukoy ni Craveri ay ang Isaias 7:14 ang palagiang binabanggit na hula tungkol sa pagsilang ng birhen.

Kaya ang Panginoon na rin ang nagbigay ng palatandaan:

Maglihi ang isang dalaga at manganak ng isang lalaki at ito'y tatawaging Emmanuel.

Si Craveri ay nangangatwiran na ang hulang ito ay walang kaugnayan sa pagsilang kay Hesus. Ang orihinal na teksto ay nagsabi, hindi isang "birhen", subalit isang "batang babae". Ang Revised Standard Version ng Biblia ay sumang-ayon kay Craveri. Ang tunay na kahulugan ng hula ay mahirap tanggapin ng Kristiyanong tagapagpuna, na tumutukoy ito kay Hesus.

Si Craveri ay nagwika; "ang piling sipi na ito ay walang kinalaman sa pagsilang kay Hesus. Ito'y panghuling pakikipag-usap ni Isaias kasama si Haring Attas, kung saan ang propeta ay nagbigay ng katiyakan sa Hari, ang pagkawasak ng kanyang dalawang kalaban, ang hari ng Syria at Israel.

Isang rasyonalistang si G. Vermes sa kanyang sinulat: "Si Hesus ay Hudyo" nakipagtalo tungkol sa "birhen", bagamat ito'y puwedeng ituring kay Maria at ito'y tunay na nangangahulugan ng isang babaing magsilang ng isang sanggol, kagaya nina Sarah, Hannah at Elisabet, sila'y matanda at hindi na magkaka-anak.

Bilang panghuli, kuru-kuro ng isang siyentipiko at manggagamot tungkol sa kabuuang katanungan sa paglihi ng birhen. Si Dr. T.H. Van de Velde M.D. sa kanyang mabiling aklat tungkol sa 'pag-aaral ng kasarian; Huwarang Pag-asawa, siya'y nagwika: "Napakarami ang nag-aakala; maliban sa bihirang pangyayari, mayroong nabubuntis na kahit dumikit lamang ang magkabilang kasarian ng babae at lalaki. Ito'y maliwanag na patunay ng dalawang bagay:

Una, ang pagbuntis ay mangyari kahit na ang pintuan ng babae ay nakasara. Pangalawa, kahit na ang ari ng lalaki ay hindi dumikit sa ari ng babae, ang semilya ng lalaki ay maaring pumasok sa pamamagitan ng kamay. Ang malalim na pagsasaliksik pang- medisina, tungkol sa siyensya at ibang mapapagsang-ayunang kaalaman ay walang pag-

alinlangan; subalit ang Qur'an ay naglalahad ng katotohanan sa payak na salita at kahit bata ay makakaunawa:

"Ang kahalintulad ni Hesus sa paningin ng Allah ay katulad ni Adan: Siya ay nilikha mula sa alikabok at sinabi sa kanya, "Mangyari", at siya ay mangyari. Ang katotohanan (nagmula) lamang sa Allah; kaya huwag maging isa sa mga nag-alinlangan.
Qur'an 3 : 59-60

**HESUS – Propeta mula sa Nazareno, alipin ng Diyos :**

"At ang Mesiyas ay hindi nahihiyang paglingkuran at sambahin ang Diyos." Qur'an 4 : 172

Ang Biblia ay naghahayag ng katotohanan sa Qur'an. Maraming beses na pinag-ukulan ng pansin tungkol kay Hesus na nagwikang may pagmamalaki na siya'y pinadala lamang ng Diyos at maraming ulit na siya'y tinukoy bilang "alipin ng Diyos". "Ito ang buhay na walang hanggang; ang kilalanin ka nila ang iisa at tunay na Diyos, at si Hesu-Kristo na iyong sinugo." Juan 17:3

Sa ganitong kalagayan, bagay kay Hesus na humiling na may pagkumbaba sa Diyos: "ang tanging tunay na Diyos", at siya bilang pinadalang mensahero ng Diyos. Kaya't hinirang ng Diyos ang kanyang lingkod. At siya'y unang sinugo sa inyo upang pagpalain kayo at tuluyang tumalikod sa inyong masasamang pamumuhay!
Gawa 3:26

Ang Diyos nina Abraham, Isaac at Hakob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbibigay ng pinakamataas na karangalan sa kanyang lingkod na si Hesus. Ngunit siya'y ibinigay ninyo sa may kapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya nitong palayain siya.
Gawa 3:13

"Iunat mo ang inyong kamay upang magpagaling, at loobin mo nasa pangalan ng iyong banal na lingkod na si Hesus ay makagawa kami ng mga kababalaghan". Gawa 4:30

Napapagaling ang may sakit, mga tanda at kababalaghan ay naganap; sino ang may gawa nitong lahat? Yaong mula sa kapangyarihan ng Diyos. Ang pangalan ni Hesus maaring binigkas, subalit ito'y kasangkapan lamang, bilang tagapamagitan, dahil siya ay isang "banal na alipin ng Diyos".

Ibinalita na si Hesus ay nagwika sa Ebanghelyo: "Ang sinumang tumanggap sa isang maliit na batang tulad nito alang-alang sa akin ay tumatanggap sa akin – hindi ako ang kanyang tinanggap kundi ang nagsugo sa akin". Marcos 9:37

Ang Qur'an ay nagpahayag ng kasingtulad sa sumusunod na salita:

"Sinuman ang sumusunod sa Sugo (Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan) ay sumunod sa Allah". Qur'an 4:80

At sa susunod na bersikulo ang Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay inutusan ng Allah:

"Ipagbadya: Kung mahal ninyo ang Allah, susundin ninyo ako; kayo'y mamahalin ng Allah at patawarin ang inyong kasalanan: ang Allah ang mapagpatawad, ang pinakamahahabagin."

Qur'an 3:31

Sa Ebanghelyo ni Juan si Hesus ay nagwika: "Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa akin, at ganapin ang ipinagawa niya. Juan 4:34

Katotohanan, ito ang sempling kahulugan ng salitang Islam, "Pagsunod sa kalooban ng Diyos".

"Hindi akin ang inaaral ko, kundi ang nagsugo sa akin. Matatalos ng sinumang ibig tumupad ng kalooban ng Diyos kung ang itinuturo ko'y mula sa Diyos o nagsasalita lamang ako ng sa ganang aking sarili. Ang nagsasalita ng sa ganang kanyang sarili ay naghahangad na parangalan siya. Ngunit tapat at matuwid ang sinumang naghahangad na parangalan ang nagsugo sa kanya.

Juan 7 : 16-18

"At tumanggap sa inyo ang tumanggap sa akin, at ang tumanggap sa akin ay tumanggap sa nagsugo sa akin. Ang tumanggap sa isang propeta dahil sa siya'y propeta ay tatanggap ng gantimpala ukol sa propeta. At ang tumanggap sa isang taong matuwid ay tatanggap ng gantimpalang naukol sa taong matuwid.

Mateo 10 : 40-41

Ating natunghayan ang lakas ng pagsisi ni Kristo sa kanyang sarili na siya'y isang matuwid na alipin ng Diyos, isang propeta na pinadala ng Diyos bilang sugo. Palagian niyang inuulit na siya'y hindi pumarito sa ganang kanyang kalooban hindi siya nagwika o gumawa ng kanyang kalooban; subalit siya'y nagwika at gumawa sa pagsunod sa kautusan at kalooban ng Diyos na nagpadala sa kanya. Ito ang tunay na katangian ng propeta at mensahero ng Diyos. Ang katotohanan, ang kanyang mga tagasunod na nakakita at kasama niya'y kinikilala siya sa ganyang katayuan.

Basahin natin ang Ebanghelyo:

"Nang makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Hesus, sinabi nila, "Tunay na ito ang Propetang paririto sa sanlibutan! Juan 6:14

Dadakipin sana nila siya, ngunit natakot sila sa mga tao, sapagkat kinikilala ng mga ito na propeta si Hesus. Mateo 21:46

"Si Hesus, ang propetang taga-Nasaret, Galilea" sagot naman ng karamihan. Mateo 21:11

"Anong mga bagay" tanong niya. At sumagot sila, "Tungkol kay Hesus na taga-Nasaret, isang propetang makapangyarihan sa gawa at salita, maging sa harapan ng Diyos at ng mga tao. Lukas 24:19

Hindi lamang pinagkaila ni Hesus na tawagin siyang Diyos, maging tawagin siyang mabuti ay kanyang tinanggihan.

Nang paalis na si Hesus ay may isang lalaking lumapit, lumuhod sa harapan niya at nagtanong, "Mabuting Guro, ano ang dapat kung gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan? Sumagot si Hesus, "Bakit mo ako tinawag na mabuti? Walang mabuti kundi ang Diyos." Marcos 10 :17-18

## ANG PROPETA PARA SA ISRAEL

Ating nakita ang mga piling sipi ng Biblia na si Hesus ay pinadala ng Diyos. Kanino siya pinadala? Sa sanlibutan? Hayaan natin na ang Biblia ang magsalita:

Umalis doon si Hesus at nagpunta sa lupaing malapit sa Tiro at Sidon. Lumapit sa kanya ang isang taga-Canaan na naninirahan doon at malakas na sinabi:

"Panginoon, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin! Ang anak kong babae ay inaalihan ng demonyo at masyadong pinahihirapan." Ngunit gaputok ma'y di-tumugon si Hesus. At lumapit ang kanyang alagad at sinabi sa kanya. "Pagbigyan na nga po ninyo at nang aalis. Siya'y nag-ingay at susunud-sunod sa atin." Sumagot si Hesus, "sa mga tupang naliligaw ng sambayanan ng Israel ako sinugo."
Mateo 15 : 21-24

Noong pinadala ni Hesus ang kanyang mga labing dalawang piling sugo upang magpalaganap ng Ebanghelyo, at siya'y nagpaliwanag sa kanila na iwasang pumunta maliban sa bayan ng Israel.

Si Mateo ay nagbalita: "Ang labindalawang ito'y sinugo ni Hesus at kanyang pinagbilinan: Huwag kayong pupunta sa lugar ng mga Hentil, o sa alinmang bayan na mga Samaritano. Sa halip ay hanapin ninyo ang mga nawawalang tupa ng sambahayanan ng Israel".
Mateo 10 : 5-6

Sinabi sa kanila ni Hesus, "Tandaan ninyo ito; kapag nakalukluk na ang Anak ng Tao sa kanyang marangal na trono sa bagong daigdig, kayong mga sumunod sa akin ay luluklok din sa labindalawang trono upang hukuman ang labindalawang lipi ng Israel".
Mateo 19:28

Ang pag-aangkin na si Hesus ay ang tagapagtubos ng sanlibutan mula sa kasalanan, ito ay salungat mismo sa kanyang salita sa Ebanghelyo ni Juan. Sa kanyang panalangin sa Diyos siya'y nagpahayag ng kanyang hangganan sa kabuuang diwa ng kanyang misyon.

"Idinadalangin ko sila, hindi ang sanlibutan kundi ang lahat ng ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y iyo. Juan 17:9

Kapag hayaan natin ang ating sarili na hatulan ang mga pahayag ni Hesus na binalita ni Mateo at Marcos na siya'y pinadala lamang sa nawawalang tupa ng Israel, at ang kanyang maliwanag na bilin sa kanyang disipulo na huwag pupunta sa iba maliban sa nawawalang tupa sa bahay ng Israel, at ang kanyang hula na siya at ang kanyang labindalawang alagad ang huhusga sa labindalawang tribu ng Israel sa kabilang buhay, hindi tayo nagkamali sa pagbigay ng huling panukala na magkatulad na mga tao ang tinutukoy ni Hesus sa kanyang panalangin, ang mga Israelita. Ito'y isang katotohanang kasaysayan na ang Kristiyanismo ay hindi pinahayag sa mga hindi-Hudyo hanggang sa pagbagong loob ni Pablo. Siya ang naglakas loob na salungatin ang mga piling sugo ni Hesus. Kanilang kinilala na ito'y gawain na labag sa tuwid na pangaral at gawain ng guro. Si Dr. Marcello Craveri, sumulat sa kanyang aklat: Ang buhay ni Hesus:

"Sa kasalukuyan, si Pablo ang nakilala. Dahil sa kanyang mapanggapi na pagkatao at hangarin, hindi siya nag-aksaya ng panahon na isingit ang kanyang sarili bilang isa sa mga "haligi" ng komunidad, at siya mismo ang nag-ulat tungkol kay Santiago at Pedro. 'Nagkaroon ng alitan at pagkasalungat sa pagitan nila at ni Pablo, lalung-lalo na sa may masamang balak na gagawin na labag sa batas ng Hudahismo."

Si Dr. Hugh Schonfield, iskolar ng Biblia, sa kanyang aklat ; Mga Pambihirang Kristiyano, ang mga di-pagkakaunawaan ni Pablo at mga tunay na taga-sunod ni Kristo:

"Si Saul ngayon, na gumamit ng Romanong pangalan na Pablo, natagpuan na siya'y nasa pangangalaga ni satanas at kalaban ng bagong David. Noong siya'y nakulong ng mga Romano, walang isang Kristiyano ng Roma o Jerusalem ang sumaklolo sa kanya. Maging ang kanyang pagtulong sa mga dukha ng Judea ay walang saysay na pagaanin ang pagtutol sa kanya. Maraming hindi nagkakasundong lehitimong simbahan ni Pablo, ito'y mapanganib at mapanirang katayuan. Naitatag na mayroong maraming tagasunod mula sa Hentil upang magbigay sa kanya ng malakas na suporta laban sa mga saserdote at sa Jerusalem. Sa simula si Pablo ay isang kalaban, at dahil hindi siya nagtagumpay sa kanyang dating kalaban at siya'y gumawa ng di-tuwirang paraan upang ito'y siraan. Kanyang isinangtabi ang banal na Torah at nag-anyaya sa sinumang susunod sa kanyang paniniwala. Wala siyang naakit maliban sa mga walang malay at walang kaalam-alam na di-nila iniisip ang maging kahinatnan. At kanilang nadatnan na lamang na hindi sa tamang kamay nailagay ang kanilang pagtiwala. Ang layunin ng Nasareno at Mesias ay nasa panganib at nawalan ng karangalan sa Israel. Dahil kay Pablo na siya ang naging tagapagsalita at nagbadya na wala ng saysay ang Torah bilang daan ng kaligtasan, at pinapaniwalaan ng mga relihiyosong Hudyo na ang mga tagsunod ni Hesus ay ang mga pinakamasama na tumakwil ng paniwala.

Ang kaalaman kung bakit itinakda lamang ni Hesus ang katuruan sa Israel upang pangalagaan ang monotesmo na dinala ni Abraham, at upang di-mahaluan ng paganong paniwala na naghahari sa mga di-Hudyo. Sa abot ng ating pag-unawa ang karamihan sa sangkatauhan ay hindi pa handa na tanggapin ang buong katotohanan: Ang kanyang takot ay lubos na naisakatuparan noong pagbalik-loob ni Pablo at nagpahalaga ng misyonaryong gawain. Hindi lamang ang banal na batas ng Diyos ay isinumpa, ang paganong kulto ni Mitra, Orpheus, Orisis, Attis at iba pa ay kusang tinanggap at naging bahagi na sukatan ng pampamahalaang Kristiyanismo. Ang pinahayag ng kapangyarihan ng Simbahan na

magpahayag ng kristiyanismo sa mga di-Hudyo (bukod sa pinahayag ni Pablo) mula sa susunod na talata ng Ebanghelyo.

"Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28 : 19-20

Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem. Lukas 24:47

Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parusahan. Marcos 16:16

Ang tatlong sipi sa itaas ay hindi tumutukoy sa mga pangyayari noong nabuhay si Hesus na kasama niya ang kanyang disipulo. Kanilang tinutukoy ang "bumangon" na Kristo pagkatapos ng sinasabing pagbabangon muli noong siya'y nagpakita sa kanyang mga napili. Natunghayan na ito'y sinulat sa Ebanghelyo ni Marcos. At ang iba ay sinulat batay din sa sulat ni Marcos, subalit dinagdagan ng palamuti ayon sa ninais ng taga-sulat. Alam din ng lahat na ang sipi sa Ebanghelyo ni Marcos tungkol sa pagkabuhay muli kasama ang pangaral at ito'y salungat sa mga unang sinulat at ang pagpapahayag ng Kristiyanismo sa mga di-Hudyo, itong lahat ay mga dagdag lamang.

Sa Encyclopedia Britannica, 11 edisyon, aklat 17, pahina 730 ay nagsabi na ang siping ito ay dagdag na lamang, posibleng sa simula ng pangalawang siglo nangyari, pinalitan ang mga nawalang salita at ito'y tinuring na may pagkakamali.

Si William Neil, isang komentarista ng Harper's Bible ay nagsabi:

"Kapag mayroong bagay sa Ebanghelyo na pupunain, at ito'y napagsang-ayunan ng mga dalubhasa, walang iba na ito'y Ebanghelyo ni Marcos. Ang kabanata (19:9-20) ito ay hindi natagpuan sa lumang kasulatan, at noong pangalawang siglo lamang nilikom mula sa piling sipi ni Mateo, Lukas at Gawa. Ang maagang pagsulat ng katibayan ng pagkabuhay-muli ay hindi matagpuan sa Ebanghelyo, subalit ito'y makikita sa unang sulat ni San Pablo sa taga-Corinto 15:3-8."

Ang sipi sa kabanata 16 ni Marcos (bersikulo 9-20) ay dagdag na lamang, ito'y napatunayan at tinanggap, magkagayon ang buong kuwento ng pagbangon muli ni Kristo sa kamatayan at ang kanyang mga pag-utos sa mga disipulo upang ipahayag sa lahat ng nilikha, ang pagbinyag sa ngalan ng Ama, Anak at Banal na Espiritu ay pawang mga dinagdag na lamang. Ang may-akda ng mga kasaysayan na ating nasusundan sa pagbabasa ng Biblia ay walang iba na si San Pablo, ang mga ito ay hindi unang nakasulat sa Ebanghelyo bagkus ito'y mga sulat ni Pablo sa taga-Corinto. Ito'y inilagay ni Craveri sa kanyang aklat, Ang buhay ni Hesus:

## KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG DUGO

Ang prinsipyong pinanghahawakan na si Adan at Eba ay nagkasala sa pagkain ng ipinagbabawal na prutas. Ang kanilang pagkasala ay minana ng lahat ng kanilang anak. Simula noong sila'y nawalan ng pabor mula sa Diyos, wala na ang pag-asang umiwas sa makatarungang parusa ng Diyos maliban sa pagbalik ng nasirang kaugnayan sa Diyos. Ang pinangangatwiran na anumang kabutihan ang

nagawa ay utang mula sa Diyos, walang mapapala sa mga masamang nagawa. Magkagayon ang taong sukdulan ng kabutihan lamang ang sasang-ayon sa kaparusahan dahil sa kasalanan ng iba at siyang makakapagpayapa sa poot ng Diyos. Dahil ang Diyos lamang ang siyang ganap, at siya lamang ang may karapatan na maging anyong tao, siya'y humarap at hinayaan na pahirapan ang kanyang sarili at mamatay dahil sa kasalanan ng kanyang nilikha.

Ating punahin ang sinabi ni Craveri: " Sa ganyang paraan mapasok natin ang sumusuray na pagkakamali ng diyos na siyang nagparusa ng kanyang sarili upang patawarin ang mga nagkasalang babae at lalaki.

Kaya't pinalapit sila ni Hesus at sinabi " Alam ninyo na ang mga itinuturing na pinuno ng mga Hentil ay siyang pinapanginoon, at ang mga dinadakila ay siyang nasusunod. Ngunit hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na ibig maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat. Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami"

Marcos 10:42-45

Ang sipi na nasa itaas ay isa sa mga sipi ng Biblia na patunay sa doktrina ng kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ni Kristo.

Ating iksaminin ang siping ito:

1. Si Hesus ay nagpahayag na siya'y "naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod". Sa mga nakaraang pahina ating natunghayan kung paano sa salita at sa gawa si Hesus nagmayabang

sa pagsilbi at pagsamba sa Diyos. Sa siping ito ay walang isang maniwala na siya'y dumating para panlingkuran.

2. Ang parirala "ibigay ang buhay sa ikatutubos ng marami" ay maliwanag na ito'y talinhaga ng salita at ito'y katulad sa "sinumang ibig maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat". Walang isa na magmungkahi na ang pakahulugan ni Hesus sa " alipin" ay isa ng ari-arian na puwedeng bilhin at itinda. Magkagayon, walang katawa-tawang pakahulagan "ibigay ang buhay para sa ikatutubos" bilang isagawa na isakripisyo ang sariling buhay para sa kapatawaran ng iba. Palagi nating naririnig sa ating buhay na ang isang pinuno ay tinutukoy na nag-alay ng kanyang sarili para sa kanilang nasasakupan. Hindi nangyari na ating inuunawa na ang kanilang pagkamatay ay nagdulot ng kabutihan sa sangkatauhan. Sa kabilang panig itong mga pinuno ay ginugol nila ang kanilang buong buhay para sa kabutihan ng kanilang tagasunod.

Ito'y nagpapaalala sa akin ng isang lathalaing pambata sa Egyptian Daily, noong 19 ng Oktobre 1976. Ito'y naglalarawan sa pamagitan ng salitang panunuya sa prusisyon ng libing ng isang kandidato ng parleyamento. Ang nakahayag na baner at iyong mababasa "Ang taong namatay araw-araw para sa iyo" Ang laso ay nakapalibot sa korona na nasa harapan ng isang taimtim na prusisyon at inyong mababasa, "Ang inyong upuan sa mamayang pagtipun-tipon", at may sumisigaw, "Ihalal natin siya!" Ilan sa mga nagdadalamhati ay nahulog ang luha, subalit isa sa kanyang kaibigan na nasa tabi ay nagpaalala sa

kanya: "Pigilin mo ang iyong sarili, ito'y isang pakikisama lamang sa madla!"

Sa makatuwid, kapag namatay si Hesus dahil sa kasalanan ng tao, at kapag totoo na siya'y Diyos, magkagayon ang lahat ay gawaing palabas lamang, dahil ang Diyos ay hindi dadanas ng paghihirap at ang kamatayan ay walang bisa sa kanya dahil siya'y walang kamatayan, dahil siya ay Diyos. Itoy kahalay-halay na pandaya. At kapag ang pangyayaring ito ay itinakda sa kanya, ito'y alam ni Hesus, at kailangan lang na ating paniwalaan at ito ay karapatan ng hula at misyon ni Hesus, at yaong mga pumarusa at pumatay sa kanya ay dapat kilalanin at karapat-dapat hangaan ng sangkatauhan at ang pinakamamamahal ng Diyos dahil sa pagtupad nila sa kagustuhan ng Diyos.

Isa pang sipi na nagpatibay ng diskusyon sa doktrina ng kaligtasan sa pamagitan ng dugo ay nasa Ebanghelyo ni Lukas:

"Purihin ang panginoong Diyos ng Israel! Sapagkat nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan, at nagpadala sa atin ng isang makapangyarihan, Tagapagligtas mula sa lipi ni David na kanyang lingkod. Ipinangako niya sa pamagitan ng kanyang mga banal na propetang nanga-una, at sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ito ay hula ni Zakariya noong isinilang ang kanyang anak na si Juan Bautista. Sadyang maliwanag na siya'y nagwika na ang Diyos ay magliligtas ng tao, sa pamamagitan ng kukuha siya sa kanila ng "isang sangay ng kaligtasan" na ito ang Mesias na inaasahan ng mga Hudyo na magliligtas sa kanila mula sa kanilang kalaban, ang mga namamahalang Romano. Ang pagdating ng tagapagligtas na sinabi ni Zakariya ay ang katuparan ng sinaunang hula. Ito'y isang pagbabaluktot ng pang-unawa ng salita na inaasahang tagapagtanggol mula sa kalaban ng mga Hudyo, ang mga pinunong Romano, na ito'y nangangahulugan na kaligtasan sa

pamamagitan ng dugo ni Hesus. At isa pang inaakalang pagpapatotoo sa doktrina ng kaligtasan sa dugo:

"Kinabukasan, nakita ni Juan si Hesus na lumapit sa kanya. Sinabi sa kanya " Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" Juan 1:29

Ating tanggapin na ito ay hindi gawa-gawa ng ginawa nilang Juan Bautista (dahil hindi ito inilahad sa ibang Ebanghelyo), hindi ba ito sapat na magkahawig sa ibang pinuno? "Iyon siya na nagdala na ating mga dinadala?" O, kapag tayo'y nagbibigay ng payo "Kitilin niyo ang sarili dahil nilalagay nila sa iyong balikat ang suliranin ng mundo!" Ang pagtanggol ng kasalanan ay hindi kailangan na magkatulad sa pagpapatawad ng kasalanan sa pagkamatay ni Hesus, hingit na mabuti ang pasagawa ng kanyang tinuturo at sa pagsunod ng kanyang yapak (ito'y isang matanlinhagang salita), iyan ang paraan upang makamtam ang kaligtasan. Sa pagsunod sa kalooban ng Diyos na nagpadala ng kanyang alipin na si Hesus, isang propeta at mensahero na siya'y palagiang tinutukoy, magkagayon siya ay maligtas. Sa paggawa ng kabutihan na ayon sa batas ng Diyos, ang lahat ay maliligtas. Kabutihan sa kanya na nagtuturo ng tamang daan, at katunayan siya'y naging tagapagligtas ng sangkatauhan.

Ang katuruan ni Hesus ay ang mahalaga, ang kanyang pagtitiis ay nagkataon lamang. Tayo ba ay karapat-dapat na aasa sa mga nagkataon at ating pabayaan, at mamaliitin?

Ang susunod na sipi ng Ebanghelyo ayon kay Juan ay pinapaniwalaan na ito'y doktrinang halili ng kaligtasan, ito'y mas malakas at maliwanag kaysa sa iba:

Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Juan 3:16

Ating pahalagahan ang Ebanghelyo ni Juan ay sadyang kaiba sa tatlong Ebanghelyo. Ito'y huling naisulat. Hindi isang layunin na maging katotohanang pagsalaysay, upang maging isang tanyag na pangrelehiyon na propaganda. Ito'y doktrina na sadyang ipinasok lamang ng isang manunulat. Sa panahon na isinulat ang Ebanghelyong ito ay nangibabaw ang kristyanismong itinuro ni Pablo, at ang taga-sulat nito ay ang kanyang tagasunod. Sa Ebanghelyong ito ang pagka-diyos ni Hesus ay lubos na binigyan ng diin, at si Hesus ay tinuring bilang "Tanging Nag-iisang Anak ng Diyos" Ang doktrina ng kaligtasan sa Ebanghelyong ito ay hindi sadyang ipinahayag. Sa isang sulyap, ito ang kanyang nasabing pinakamabuti. Ang mayroong pag-iisip at mayroong paniniwala lamang ang makakapagbigay kahulugan sa pangungusap na ito "Ipinadala ng Diyos ang kanyang Anak sa sanlibutan hindi upang sumpain ang mundo, subalit upang iligtas ang sanlibutan". Ibig sabihin sa pagkamatay ni Hesus sa krus, o kaya "sinuman ang maniwala sa kanya" ay nangahulugan na maniwala sa kanyang pagkamatay sa krus bilang kabayaran ng kasalanan ng ibang tao.

Si Dr. Hugh Schonfield sa kanyang isinulat: Ang Pambihirang Kristiyano, kanyang inilahad sa atin sa maliwanag na pamamaraan ang kahulugan ng Ebanghelyo ayon kay Juan bilang isang tunay na katibayan ng buhay at katuruan ni Hesu-Kristo. Siya'y nagwika: Sa pang-apat na Ebanghelyo at sa sulat sa pitong simbahan hindi ang tunay na Hesus ang nagsasalita, subalit si Juan ang nagsasalita sa kanyang pangalan.

Ang kasinungalingan ay mapapansin. Gayunman, hindi dahil si Kristo ang nagpahayag ng kanyang sarili sa ika-apat na Ebanghelyo sa paraan na hindi maka-Hudyo, subalit malayo dahil sa patunay sa unang sulat ni Juan na kanyang ipinahayag na si Hesus ay nagsalita sa paraan niya, kunwari siya ang tagapaglikha. Tayo ay lubos na nagpapasalamat sa paglabas ng sulat na ito. Walang tawag sa atin na tayo'y matakot sa idiya ng matalino at maka-diyos na Kristiyano. Ang kanyang gawain ay naayon sa pinagsama-samang pinaniniwalaang pinatnubayan na dukomento. Siya ay may kasalanan sa kabuuang panloloko o pagsisinungaling. Sadyang maliwanag sa atin ngayon na mayroong di-tunay na aklat sa Bagong Tipan, at ang iba ay may layunin na ilayo tayo sa tamang landas. Ang ating moral na paghuhusga ay hindi dapat sasang-ayon sa pampanitikan na produkto ng sina-unang panahon, at hindi dapat tanggapin at lokohin, palitan at baliktarin ang mga dukomento sa mabuting dahilan. Si Juan ay siguradong naniniwala na ang kanyang ginawa ay mabuti at mayroong gabay ng Diyos. Hindi siya nag-alinlangan na iangat siya ng Diyos dahil sa kanyang nagawang kabutihan, siya'y ginabayan ng Espiritu. Ang kapansin-pansin na paraan na ginawa ng kanyang kasamahan ay nagpatunay sa kanyang ginawa.

## PABLO O HESUS ? PANINIWALA O GAWA ?

Bigyan ng pansin ang seremonya sa bundok. Sadyang maagang seremonya ang ginawa ni Hesus na nagpaliwanag ng kanyang misyon:

**"Huwag ninyong akalaing naparito ako upang pawalang-bisa ang Kautusan at ang aral ng mga propeta. Naparito ako, hindi upang pawalan bisa, kundi para ipaliwanag at ganapin ang mga iyon. Tandaan ninyo ito: magwawakas ang langit at lupa, ngunit ang kaliit-liitang bahagi ng kautusan ay di- mawawalan ng bisa hanggat hindi nagaganap ang lahat. Kaya't sinumang magpawalang halaga**

**kahit sa kaliit-liitang bahagi nito, at magtuturo nang gayon sa mga tao, ay ibibilang na pinakamababa sa kaharian ng Diyos. Ngunit ang gumaganap ng kautasan at nagtuturo ng tuparin iyon ay ibibilang na dakila sa kaharian ng Diyos. Sinasabi ko sa inyo: kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga eskriba at mga Pariseo, hindi kayo makakapasok sa kaharian ng Diyos"**

**Mateo 5: 17-20**

Ang seremonya sa bundok ay binubuo ng mahalagang katuruan ni Hesus. Ating masasabi na ito ang tunay na kristiyanismo, kapag tayo'y naniwala na si Hesus ang pinuno ng kristiyanismo at hindi si Pablo.

Ang siping nasa itaas na sinabi ni Hesus ay imposibling makapasok sa kaharian ng langit, "hanggat ang iyong kabutihan ay hihigit sa eskriba at Pariseo." Ngayon ano ang kabutihan ng Eskriba at Pariseo? Ang sumusunod sa kautusan, at kung ano ang tinuturo ng mga propeta. Kaya sinabi ni Hesus, "huwag ninyong isipin na ako'y dumating upang ipawalang bisa kundi ipatupad". Ang kanyang tungkulin ay hindi upang palitan ang batas, subalit ipaglaban ang tunay at mahigpit na katuruan ng relihiyon sa mga Hudyo sa pagpahalaga ng kahalagahan ng relihiyon. Siya'y namumuno sa pagbigay diin sa katuruan at gawain noong siya'y nagwika:

"Sinuman ang magpapabaya sa kaliit-liitang katuruan at magtuturo sa tao, siya ang pinakamababa sa kaharian ng langit; subalit sinuman ang tumupad at magtuturo, siya'y pinakadakila sa kaharian ng Diyos.

Iyon ay mga turo ni Kristo; subalit ano ang turo ni Pablo?

"Kumain kayo ng anumang nabibili sa tindahan ng karne at huwag na kayong magtanong pa upang di-mabalisa ang inyong budhi."

1Corinto 10:25

Ang nagsisikap na maging matuwid sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan ay napahiwalay na kay Kristo at wala nang karapatan sa habag ng Diyos. Ngunit umaasa kami na sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay aariin kaming matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya.

Galacia 5:4-5

"Gayon din naman, namatay na kayo sa kautusan ng kayo'y maging bahagi ng katawan ni Kristo, upang maging kabiyak ni Kristo na muling binuhay, at magbunga ng mabubuting gawa ukol sa Diyos. Noong tayo'y namumuhay pa ayon sa ating likas na pagkatao, ang ating mga makasalanang pita na napukaw ng Kautusan ang nag-udyok sa atin sa paggawa ng mga bagay na nagbubunga ng kamatayan. Ngunit ngayo'y patay na tayo sa kasalanang umalipin sa atin, wala na tayo sa ilalim ng Kautusan. Kaya't naglilingkod tayo sa Diyos, hindi dahil sa lumang tuntuning nasusulat kundi dahil sa bagong buhay ayon sa Espiritu.

Roma 7 : 4-6

Sapagkat maliwanag na ang tao'y pinawalang-sala dahil sa pananalig kay Kristo, at hindi sa pagtupad ng Kautusan. Roma 3:28

Ang katuruan ni Pablo ay lumikha ng alitan sa simula pa ng kasaysayan ng simbahan sa pagitan ng kanyang tagasunod at mga Hudyong Kristiyano na tumutol sa katuruan ng bagong relihiyon sa mga hindi tuli na Hentil (di-Hudyo) na kanilang kinikilala na marurumi. Ilan

sa mga disipulo ay ayaw umupo sa isang mesa na kasama ang mga di-tuli na hindi sumusunod sa batas ng Israel. Sa wakas ang isang pagtitipon ay ginawa sa pagitan ng dalawang panig, at ang kasunduan ay napagsang-ayunan na walang mabibigat na suliranin ang iatas sa mga Hentil na pagano na yumakap ng Kristiyanismo.

Kaya't minabuti ng mga apostol na matatanda, at ng buong iglesya na pumili ng ilan sa kanila upang suguin sa Antioquia, kasama nina Pablo at Bernabe. Gawa 15:22

Sa udyok ng Espiritu Santo, ang naging pasiya namin ay huwag na kayong atangan ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na talagang kailangan: huwag kayong kakain ng anumang inihandog sa mga diyus-diyosan, mga dugo, at mga hayop na binigti. Huwag kayong makikiapid. Layuan ninyo ang mga bagay na ito, at mapapabuti kayo. Paalam. Gawa 15 : 28-29

Paano nangyari na naisulat ito ni Pablo sa taga-Corinto?

"Kumain kayo ng anumang mabili sa tindahan ng karne at huwag kayong magtanong pa upang di-mapabalisa ang iyong budhi?" Si Pablo ang umangkin na isa siya sa pinili na apostol ni Hesus sa pamagitan ng inspirasyon, at siya'y patuloy na tumanggap ng utos mula sa Maestro kahit na ang utos ay salungat sa mga natanggap ng mga disipulo ni Hesus noong siya'y kasama nila. Ating eksaminin mula sa Banal na kasulatan ang pangangatwiran ni Pablo. Ito'y nagsimula sa isang pangyayari ng kanyang pagyakap sa Kristiyanismo noong siya'y patungo sa Damasco. Ating alalahanin na si San Pablo ay ang tinawag na Saul noon, naging isang masugid na kalaban ng mga Kristiyano bago niya niyakap ito. Ito'y tatlong ulit na inulat sa Gawa ng mga Apostol, at ibat-iba ang kanilang ulat.

Ang unang kuwento ay inulat ng ganito:

Naglakbay si Saulo patungong Damasco. Nang siya'y malapit na sa lunsod, biglang kumislap sa paligid niya ang isang nakasisilaw na liwanag mula sa langit, anupa't nasubasob siya. At narinig niya ang isang tinig na nagsalita sa kanya, "Saulo, Saulo! Bakit mo ako inuusig?" Sino po kayo, Panginoon?" tanong niya. "Ako'y si Hesus, ang iyong inuusig," tugon sa kanya. Tumindig ka at pumasok sa lunsod. Sasabihin ko sa iyo roon kung ano ang dapat mong gawin. Natilihan ang kasama ni Saulo, narinig nila ang tinig ngunit wala silang makitang sinuman. Gawa 9 : 3-7

Sa bersyon ng pangyayaring ito na inulat ng may-akda ng Gawa, may mga mahalagang bagay na dapat pansinin.

I. Ang liwanag na nakita ni Pablo, "kumislap sa paligid". Hindi naiulat na nakita ng kanyang mga kasamahan ang liwanag, nadinig lamang nila ang boses.

II. Si Pablo ay napasubsob sa lupa.

III. Narinig niya at ng kanyang mga kasamahan ang boses subalit wala silang nakita.

IV. Ang boses ni Hesus ang nag-utos sa kanya na pumasok sa lungsod at doon siya "sinabihan kung ano ang dapat gawin."

Ang pangalawang bersyon ng kuwento ay inulat sa magkaparehong aklat, ang Gawa ng mga Apostol. Subalit ang kumalat

kapanahunan, at nangangatwiran sa katuruan ng pananalig lamang.

Bakit kailangan na dagdagan ni Pablo sa pangatlong bersyon? Dahil siya'y nakipag-usap kay Haring Agripa. Ating pag-ukulan ng pansin na ang isang saksi ay umulat ng isang pangyayari sa pulis, kanyang babaguhin ng kunti kapag siya'y nakaharap ng isang hukom. Walang ibang makapaglarawan tungkol kay Pablo ng mas-mainam kaysa sa pagpaliwanag niya sa kanyang sarili sa kanyang sulat sa taga-Corinto. Siya ay nagwika:

Malaya ako at di alipin ng ninuman; ngunit napaalipin ako sa lahat upang makahikayat ako ng marami. Sa piling ng mga Hudyo, ako'y nag-asal Hudyo upang mahikayat ko sila. Bagamat hindi ako saklaw ng kautusan, nagpailalim ako rito samantalang kasama ko ang mga nasa ilalim ng kautusan upang mahikayat ko sila. Sa piling naman ng mga Hentil, na di-saklaw ng kautusan ni Moises, naging parang Hentil upang sila'y mahikayat ko rin. Hindi ito nangangahulugan na hindi ko sinunod ang utos ng Diyos, sapagkat ako'y nasa ilalim ng kautusan ni Kristo. Sa piling ng mahina, ako'y gaya ng mahina upang mahikayat ko sila. Ako'y nakibagay sa lahat ng tao upang ang ilan man lamang ay maligtas ko kahit sa anong paraan. Ginawa ko ang lahat na ito alang-alang sa Mabuting Balita, upang makabahagi ako sa mga pagpapala nito.

Upang mahikayat niya ang lahat at ang lahat ay mapasakanya-kay Pablo. Ang doktrinang ginawang pangangatwiran ay lubhang katuwa-tuwa.

Si San Pablo ay nagwika:
Ngunit ito ang sinasabi niya, "Malapit sa iyo ang salita, nasa iyong mga labi at nasa iyong puso (ibig sabihin ang salitang ipahahayag naming tungkol sa pananampalataya). Kung ipahayag ng iyong mga labi na si

Hesus ay Panginoon at manalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka." Roma 10 : 8-9

Sinabi ni Santiago:
Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Mailigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sasabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis at magpakabusog", ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidulot sa kanya? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa. Ngunit may nagsasabi, "May pananampalataya ka at may gawa ako", sagot ko naman, "Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang kalakip na gawa, at ipakita ko naman sa iyo sa pamamagitan ng aking mga gawa ang aking pananampalataya." Sumasampalataya ka sa iisang Diyos, hindi ba? Mabuti iyan! Ang mga demonyo naman ay sumasampalataya rin at nangangatal pa. Ibig mo pa bang patunayan ko sa iyo, hangal, na walang kabuluhan ang pananampalatayang walang kalakip na gawa? Si Abraham ay kinalulugdan ng Diyos dahil sa kanyang mga gawa nang ihandog niya sa dambana ang anak niyang si Ismael, hindi ba? Siya'y makikita mong magkalakip ang kanyang pananampalataya at mga gawa, at naging ganap ang kanyang pananampalataya dahil sa kanyang mga gawa.

Natupad na ang sinabi ng Kasulatan, "Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at dahil dito, siya'y ibinilang na matuwid." Ang tawag sa kanya ng Diyos ay "Ang kaibigan kong si Abraham." Diyan ninyo makikita na ibibilang na matuwid ang isang tao dahil sa kanyang mga gawa at di-dahil sa kanyang pananampalataya lamang.

Gayon din si Rahab, ang babaing may maruming pamumuhay. Malugod niyang pinatuloy ang mga tiktik ng Israel at itinuro pa sa kanila ang ibang daan upang sila'y makatakas. Dahil sa ginawa niyang iyon, siya'y ibinilang na matuwid. Patay ang katawan na hiwalay sa espiritu: gayon din naman, patay ang pananampalatayang hiwalay sa mga gawa. Santiago 2 : 14-26

Ang doktrinang tunay na naglalarawan sa katuruan ni Hesus ay tuwirang salungat sa ipinahayag ni San Pablo. Walang pagtataka sa ginawang pamimilit ni San Pablo sa kanyang lantarang galit.

Ngunit patuloy kong gagawin ang ginagawa ko ngayon upang hindi magkaroon ng katuwiran ang mga pananalita na ang paglilingkod nila ay tulad ng aming ginagawa. Hindi sila tunay na apostol kundi mandaraya lamang at nagkunwaring mga apostol ni Kristo. Hindi ito dapat pagtakhan sapagkat si Satanas man ay maaring magkunwaring anghel ng kaliwanagan. Kaya hindi kataka-taka ng magkunwaring lingkod ng katuwiran ang kanyang mga lingkod. Ang kanilang kahinatnan ay ayon lamang sa kanilang mga gawa.
2 Corinto 11 : 12-15

Sadyang maliwang ang hangarin ni Pablo. Gusto niyang makapaghikayat ng isa-isa o maramihan, at unti-unti niyang pahihinain ang mga disipulo ni Kristo mula sa kilalang kasamahan ni Hesus na nag-aral sa kanyang paanan at nakipaghati sa kanyang masaklap na karanasan. Ano ang ating gagawin kapag nakaharap natin ang dalawang lantarang nagkasalungat sa pagitan ng dalawang nagsusumikap na grupo at silang dalawa'y umangkin na sila'y kumakatawan kay Kristo? Ang pinakamainam na gagawin ay pupuntahan natin ang Maestro mismo at pag-aralan ang kanyang mga payak at maliwanag na katuruan, ito'y sapat na paniwalaan at kabuuang nagpahayag ng kanyang buong katuruan at buhay. Ang pinanindigan na katuruan ni Hesus ay ang

binubuo ng tinatawag na Seremonya sa Bundok. Ang lubos niyang paglalahad tungkol sa batas at gawa ay binubuo ng Mateo, kabanata 5. Tungkol sa pananaw ni Hesus sa mga nag-aangkin na sila'y kumakatawan sa kanya, samantala sila'y sumisira ng kanyang katuruan. Si Hesus ay ibinalita na nagsabi:

"Hindi lahat ng tumatawag sa akin, "Panginoon, Panginoon" ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang ang sumusunod sa kalooban ng Amang nasa langit. Pagdating ng huling araw, marami ang magsasabi sa akin, "Panginoon, nangaral po kami at nagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng mga kababalaghan sa inyong pangalan! At sasabihin ko sa kanila, kailanma'y hindi ko kayo nakilala. Lumayo kayo sa akin, mga mapanggawa ng masama! Kaya't ang bawat nakikinig at nagsasagawa ng mga salita kong ito ay matutulad sa isang taong matalino na nagtayo ng bahay sa ibabaw ng bato. Umulan nang malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hangin ang bahay, ngunit hindi nagiba sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato. Ang bawat nakikinig ng aking mga salita at hindi nagsasagawa nito ay matutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan, umulan ng malakas, bumaha, at binayo ng malakas ang bahay na iyon ay lubusang nawasak. Mateo 7 : 21-27

Ito ang pangkatapusang salita ng Seremonya sa Bundok. Ito ay tuwiran at maliwanag. Sino ang "gumawa ng masama", yaong ulol na tao ang hindi sumusunod sa katuruan ni Hesus na ito ay batay sa katuparan ng batas at ng mga propeta at gumagawa ayon sa kalooban ng Diyos? Sino ang mga taong nagkunwari na gumawa ng milagro at nagsasabing apostoles ni Kristo, at sila rin ang sumasalungat sa kanyang mga katuruan sa pagpalaganap at nangangatwiran na ang kaligtasan ay sa pamagitan ng paniniwala sa dugo ni Kristo na kahit sila'y hindi gagawa ng kanyang ipinag-utos, gaya ng isabuhay ayon sa batas at katuruan ng mga propeta? Sino itong mga tao na gumamit ng pangalan ni Hesus at

sila'y tumalikod sa kanya? Siya na mayroong pang-unawa hayaan siyang umunawa. Hindi dapat tayo maging isang luko-lokong tao na magtayo ng kanyang bahay sa isang buhanginan at hayaan itong mabagsak, dahil malakas ang bagsak nito.

## GAGABAY SA LAHAT NG KATOTOHANAN

Ang katuruan ni Hesus ay sadyang mahalaga, dahil sa kanyang maiksing panahon at hindi pa ganap sa gulang ang kanyang mga taong nasasakupan, humadlang sa kanya na tapusin ang kanyang misyon sa dahilan na ito ang kanyang layunin sa mundo. Isa din sa dahilan na ang kanyang misyon ay limitado lamang, at para sa paghanda ng daan sa sino mang darating. Maraming pagkakataon na siya'y tumapat, "Marami pa akong dapat sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tulungan niya kayo upang unawain ninyo ang buong katotohanan."

Ang Ebanghelyo ayon kay Juan ay nagbalita ng sumusunod na bahagi ng salita ni Hesus sa kanyang mga disipulo sa Huling Hapunan.

> Ngunit ngayo'y paroroon na ako sa nagsugo sa akin. Wala man ni isa sa inyo ang nagtanong sa akin kung saan ako pupunta. At ngayon sabihin ko sa inyo, natigib kayo ng kalungkutan. Ngunit dapat ninyong malaman ang katotohanan: ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, ngunit hindi paparito sa inyo ang Patnubay kung hindi ako aalis. Ngunit kung umalis ako, susuguin ko siya sa inyo. Pagdating niya ay kanyang patutunayan sa mga tao sa sanlibutan na mali ang pagkakakilala nila sa kasalanan, at ipakikilala niya kung ano ang matuwid, at kung ano ang kahatulan. Mali sila tungkol sa kasalanan, sapagkat hindi sila nanalig sa akin: tungkol sa matuwid: sapagkat ako'y paroroon sa Ama at hindi pa ninyo makikita: tungkol sa kahatulan,

sapagkat hinatulan na ang pinuno ng sanlibutang ito. Marami pa akong sasabihin sa inyo: ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tutulungan niya kayo upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan. Sapagkat magsasalita siya hindi sa ganang kanyang sarili, sasabihin niya sa inyo ang kanyang narinig at ipahayag ang bagay na darating. Parangalan niya ako, sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo." Juan 16:5-14

Sa mga paliwanag ni Hesus siya ay nagpahayag sa kanyang disipulo na siya'y aalis sa mundong ito, hindi niya natapos ang kanyang misyon, subalit mayroong darating kapag siya'y aalis at magtuturo ng buong katotohanan. Ang isang darating ay tinatawag sa ibat-ibang pangalan sa ibat-ibang bersyon ng Biblia. Ang Revised Standard Version na aking ginagamit sa aklat na ito ay tinatawag ng Patnubay. Sa King James Authorized Version siya'y tinawag na Mang-aaliw. Maging ano man ang kanyang pamagat, ang Patnubay ay pinaliwanag ni Hesus na siya ang tao na:

I. Darating pagkatapos niya.

II. Kanyang patutunayan sa mga tao sa sanlibutan na mali ang pagkilala nila sa kasalanan at ipakilala niya kung ano ang matuwid at kung ano ang kahatulan;

III. Kanyang gagabayan ang sangkatauhan sa buong katotohanan;

IV. Hindi siya magsalita ng sa ganang sarili lamang, sasabihin niya ang kanyang narinig;

V. Ipahayag niya ang bagay na darating;

VI.Parangalan niya si Hesu-Kristo.

Ating esksaminin ang hula ni Hesus ayon sa Ebanghelyo ni Juan na walang paunang opinyon bago dumating ang tamang kaalaman, at may mabuting layunin. Maraming mga Kristiyano na matatalino na nadoktrinahan ng simbahan na kanilang tinanggap na ang hula ay tumutukoy sa Banal na Espiritu, ang pangatlong persona ng "sagradong hindi maunawaan na Trinidad". Ang paniwalang ito ay lubos na pinalakas sa pagpasok ng salitang "Banal na Espiritu" pagkatapos ng Patnubay sa Juan 14:25 "sa mga naipong pagkakamali ng apat-napung siglo ng lumang kasulatan". Ang mga editor ng Revised Standard Version ay mismong tumanggap, madaling isipin ang isingit nilang pamagat na - "Banal na Espiritu" bilang isang pagpaliwanag ng paniniwala ng orihinal na manunulat, ang ilang manunulat lamang ng lumang kasulatan hanggang sa ilang siglo na magkatulad na layunin kay Kristo. Ang Banal na Espiritu ay ang pinaniwalaan na gumabay sa disipulo ni Hesus at ang namuno ng simbahan sa loob ng mahabang panahon hanggang ngayon.

Ano ang sinasabi ng simbahan ay dahil sa gabay at inspirasyon ng Banal na Espiritu na hinula ni Hesus sa nasabing sipi sa itaas.

Sa simula pa, ang Kristiyanismo ay nahahati sa hindi mabilang na pagkakasalungat ng Simbahan o mga sekta, sadyang mahirap na makita sa kanila kung saan nagtatrabaho ang Banal na Espiritu. Bawat simbahan ay umaangkin na siya lamang ang tunay na tagapagmana ng simbahan na ipinatayo ni Kristo noong tinawag niya si Pedro, "ang bato na kung saan tinayo niya ang Simbahan". Bawat Simbahan ay may pundamental na pagkakaiba sa ibang simbahan; halimbawa ang Romano

Katoliko, ang pinakamaayos at pinakamalakas na nagkakaisa, ating nakikita ang pagkakaiba at pagkasalungat ng doktrina at kautusan na inilathala sa ibat-ibang panahon. Ang mga lalaki at babae sa isang makasaysayang panahon ay hinadlangan na magkaroon ng karapatan sa simbahan, sinumpa at hanggang sa tinali sa isang kahoy at sinunog, mayroon pa ring mga pagkakamali ang Banal na Simbahan hindi lamang ibinalik sa dating kalagayan, subalit itinaas bilang sagrado sa ibang kasaysayan o pagkakataon. Ang historya ng buong Kristiyanismo ay puno ng ganitong halimbawa. At sa panahong ito tayo ay pinapaniwala na iyon ay Banal na Espiritu, kanino, ayon sa katuruan ng Simbahan. Ang Diyos na hindi nagkakamali ay nagpapatnubay sa mga hindi nagkakaunawaang tao na sila'y naglathala ng di nagkatugma-tugmang doktrina at patakaran sa mahabang daangtaon!

Ang "Patnubay" na sinabi ni Hesus, ay magsalita ayon sa kapangyarihan ng Diyos, at hindi sa ganang kanya. Ang pahayag na ito ay sapat upang itakwil ang pagsasapalaran na ang tinutukoy sa hulang ito ay ang Banal na Espiritu.

Ang Banal na Espiritu, ayon sa katuruan ng Kristiyanismo ay ang Diyos. Hindi siya magwika ng kanyang kapangyarihan. Ito'y masasabi na lamang ng pangkaraniwang tao, ang taong mayroong banal na patnubay, ang propeta. Ang taong yaon ay magpaabot ng maliwanag na katuruan tungkol sa kasalanan, kabutihan at paghuhukom. Ang kanyang katuruan para sa lahat ay hindi lamang sa "nawawalang tupa" o sa isang tribo lamang, subalit para sa sanlibutan. Upang maging kumpleto at pandaigdigan, yaong mga turo ay kailangang maliwanag, payak at nasa tunay na kasulatan na hindi puwedeng dagdagan at palitan upang ang lahat ng pagkakaiba na mangyari sa katagalan ay mabigyan ng lunas sa pamagitan ng walang kapintasang kasulatan. Sa wakas, si Hesus ay nagsabi na ang tagapatnubay ay pupuri sa kanya.

Mula sa pag-alis ni Hesus sa masidhing pamumuhay, ang kasaysayan ang nagpatunay na walang isang lumitaw sa ilang bahagi ng kalupaan na malapit at bagay sa katangiang naitala sa hula ni Hesus maliban lamang kay Propeta Muhammad. Siya ang umangkin, at katotohanan kanyang nakamtan ang pagtupad ng misyon ni Hesus at ng mga naunang propeta. Ang Encyclopedia Britannica ay tumawag sa kanya bilang, "Ang Pinakamatagumpay sa lahat ng mga Propeta". Siya ang nagpahayag sa buong mundo tungkol sa kasalanan, kabutihan at paghukom. At siya ang gagabay sa atin sa katotohanan dahil – siya ang Espiritu ng katotohanan. Katotohanan, kahit siya'y binatilyo noon, siya'y nag-alala ng kanyang hinaharap na misyon siya'y kilala ng kapwa-mamamayan, ang mga pagano sa Makkah bilang Al-Amin, ang Mapagkatiwalaan. Bilang isang matanda sa edad na mahigit na animnapu at tatlong buwan bago siya namatay, kanyang nakumpleto ang kanyang tungkulin sa Diyos, at siya'y nagwika sa nagtipon-tipong napakaraming tao, at ngayon sa lahat ng Muslim.

Siya'y nagwika mula sa salita ng Allah (dahil hindi siya nagsabi ng sa ganang kanya).

"Sa araw na ito ay pinaging ganap ko ang inyong relihiyon para sa inyo". Qur'an 5:3

Siya'y nagbigay ng gabay sa sanlibutan ng buong katotohanan at siya'y nagwika ng salita ng Allah:

At ipagbadya: "Ang katotohanan ay dumating, at ang kasinungalingan ay pumanaw: Ang kasinungalingan ay sadyang papanaw". Qur'an 17:81

Si Hugh Schonfield sa kanyang aklat, "Ang mga Pambihirang Kristiyano", siya'y nagwika: "Mula sa pabalat ng Biblia ating matagpuan

ang pangongopya, pabago-bago at sadyang imbento na ating makita sa labas nito.Ang mga iskolar ay nakakaalam nito; subalit kapag ito'y tungkol sa Biblia lalo na sa Bagong Tipan ay walang umaamin na ito ay gawa ng tao upang maiwasan ang sinasabing pandadaya. Kasintulad sa mga salita na tinutukoy nila na ito'y sinabi ni Hesus at ito'y mga huwad. Ating mapag-usapan ang mga aklat ng mga sumusunod sa batas ni Pablo na ang mga pagbabago at mga gawa-gawang salita ay tinutukoy na sekundaryo lamang. Kapag hindi natin bigyan ng masinsinang pagpapahalaga ating mapansin ang Banal na Espiritu ang kasangkapan sa mga pandaya nito.

"Nasa talaan na mula sa, simula hanggang sa kahuli-hulihang kapasiyahan ang pinakapundasyon ng kasulatan na ilan sa mga aklat ng Biblia ay nagkasalungatan. Pinagtalunan ng mga Kristiyano noong nakaraang siglo na ang ibang aklat ay mga huwad at di-tunay na sinulat ng mga apostol. Minsan ang pangalan ng mandaraya ay ipinahayag. Binanggit ni Pablo na sa kanyang kapanahunan na kumalat ang bulaang sulat na nasa kanyang pangalan. Kung ano ang akma na kanilang iniisip para sa kabutihan ng simbahan ay kanilang ipasok. Ang maingat na pag-iisip ay walang magagawa laban sa katotohanan kapag ang kilalang tao ang gumawa ng pagsasalaysay maging ito'y laban sa damdamin, ito'y kanilang tatanggapin. Ang lahat ng bagay na ito ay pangkaraniwan sa kalathang Kristiyanismo. Ito ang paraan ng kanilang paglaro sa mga doktrina.

Ang orihinal na aklat ng Biblia ay nawala at hindi alam kahit sa napakaraming bersyon. Kanilang tinanggap na ang kasalukuyang aklat ay gawa lamang ng ordinaryong taong manunulat. Gayunman ang ibang orihinal na salita ay nakilala. Subalit pinaghalu-halo, at napakaraming pagbabago ang nangyari at sadyang mahirap kilalanin ang banal na salita ng tao. Hindi mo puwedeng makilala ang salita ng Diyos kahit mayroong patunay, at kung ang salita ng tao o kaya ng isang partikular

na paaralan. Hindi kagaya ng Banal na Qur'an. Bawat salita ay salita ng Allah. Ito ay tuwirang salita na ipinahayag, hindi lamang isang inspirasyon sa propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at tamang-tama .na binigkas at isinulat kaagad ng kanyang mga kasamahan at buong puso na namemorya. Isang Kristiyano si Dr. John B. Taylor ng Selly Oak College sa Birmingham, sinulat sa kanyang aklat: "Pag-iisip tungkol sa Islam":

"Ating napatunayan na si Muhammad ay hindi sumulat ng Qur'an, subalit ito'y kanyang tinanggap at binigkas. Maging si Muhammad ay alam niya ang napakahalagang katangian ng Qur'an, kaya ang mga Muslim ay sumisikap na panatilihin ang pagkadalisay na may kumpletong ganap na kawastuhan ang lahat na bahagi ng Qur'an. Pagkatapos ng dalawang taong pagkamatay ni Muhammad sa kanilang pakipagdigmaan, marami ang namatay na nakamemorya ng Qur'an kaya kanilang pinagsikapan ang paglikom ng mga bahagi ng Qur'an. Sa sunod na ilang taon, sa panahon at pamumuno ni Uthman ang pangatlong kalipa na namamahala ng mga Muslim pagkatapos mamatay si Muhammad, ang kahuli-hulihang pagsisiyasat ay ginawa sa teksto ng Qur'an. Ating mapaliwanag kung paano pinag-ingatan at pinagsikapan ng mga unang Muslim na maging ang pagkakaiba ng pagbigkas sa pagitan ng mga Muslim ay hindi pinahintulutan, at ang opisyal na teksto ay itinatag ayon sa salita ng mga taga-Makkah at ang ibang bersyon ay sinira ayon sa utos ng kalipa. Kaya ating mararamdaman ang pagtitiwala sa Qur'an, sa kasalukuyan malayo sa pagkakamali ang teksto, ito'y itinatag noong ilang taong namatay ang propeta".

Iyon ang pananaw ng mga kritikong Kristiyano sa Islam. Ang Qur'an ay purong salita ng Diyos. Iyan ang ibig sabihin ni Hesus noong siya'y nagwika na may darating pagkatapos niya: "Hindi siya magsalita ng sa ganang kanya, subalit kung ano ang kanyang nadinig ay kanyang sasabihin". Si Hesus ay ininsulto hindi lamang ng kanyang kilalang

kalaban, ang mga Hudyo, subalit gayundin ng kanyang mga hinihintay na mga tagasunod. Siya ay inakusahan ng mga Hudyo na Anak ng isang masamang babae, isang patutot. Upang patunayang siya ay isinumpa, sila'y sumikap na maipako siya sa krus, ang kanilang paraan ng pagkitil ay tanda ng pagsumpa sa kaluluwa ng biktima (tingnan ang Deutoronimo 21: 22-23). Kanilang tinanggihan na siya'y isang Mesias.

Sa mga Kristiyano, sa kanilang pagtanggap ng katotohanan, sila'y nalinlang ng isang mapagkunwaring lobong nakadamit ng tupa, at lubusang nilulon ang katuruan ni Mitra, kathang isip ng Griyego at ng ibang paniniwala ng kulto ng Mediteranya, at nilagay si Hesus bilang kapalit ng paganong diyus-diyosan. Si Hesus na anak ng tao. Bin Adam ang katawagan sa kanya, ang propeta, at alipin ng Diyos ay pinahalagahan na maging diyos, at tagapagligtas ng sangkatauhan dahil sa kanyang dugo kung saan ang mga kathang isip na ito ay umiiral sa mga kulto ni Osiris, Attis, Adonis at Mitra.

Ang kaligtasan sa pamagitan ng dugo ay di-bago. Ang doktrinang ito ay pangkaraniwan na gawain ng mga paganong kulto sa silangan ng Mediteranya bago pa dumating si Hesus at sa kanyang kapanahunan. Ano pa ang bago, kataka-taka at nakapaghimagsik ang alamat na ito na tinutukoy nila sa tao na magpawalang bisa sa mga ito.

## ANG PAGKAMATAY SA KRUS

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang dumating at nagparangal kay Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Siya ay nakaharap ng mga paratang ng mga Hudyo. Sinira ang mga paganong panglilinlang na binalot ng mga tagasunod ni Hesus na lumayo sa tuwid na landas. Siya'y nagpatutuo na si Hesus ay hindi hihigit kay Adan. Ang kanyang inang si Maria ay pinaratangan ng mga Hudyo

bilang isang patutot, binigyan ng malaking karangalan sa Banal na Qur'an mahigit pa sa Biblia ng Kristiyano. Si Adan ay nilikha na walang ama at ina, bakit mahirap paniwalaan ang pagkalikha kay Hesus na walang ama?

"At huwag ninyong ipangahas na kayo'y anak ni Abraham. Sinasabi ko sa inyo: Ang Diyos ay makakalikha ng mga tunay na anak ni Abraham mula sa batong ito". Mateo 3:9

Sa mga manlilinlang na mga Hudyo, pinatunayan ni Muhammad na si Hesus ang Mesias na sinasabi sa sariling kasulatan ng mga Hudyo. Siya'y nagturo na ang mga Hudyo'y hindi nagsabi ng katotohanan noong sila'y umangkin na kanilang naipako at napatay si Hesus sa krus.

"Subalit siya'y hindi nila napatay, o naipako ngunit lumabas lamang sa kanila na parang gayon nga at sila na nagkasalungatan ng pagkaunawa ay puno ng pagkalito at walang tiyak na kaalaman sa pangyayari, wala silang sinusunod maliban sa haka-haka. Katotohanang siya ay hindi nila napatay ".

Qur'an 4:157

Ang makabagong pagsisiyasat ng Biblia ay nagpatunay sa katotohanan ng Qur'an. Alam ng lahat na mayroong ibat-ibang bersyon ng Ebanghelyo tungkol sa sinakulo ni Hesus na sinalaysay ng apat na pinapaniwalaang Ebanghelyo. Ang ibang Ebanghelyo ay hindi sinang-ayunan ng mga opisyal ng simbahan na kung saan ang Biblia ay nilikom lamang noong katapusan ng pangalawang siglo. Sa kabutihan ang liwanag ay kumislap sa paniniwala ng mga unang Kristiyano noong natuklasan nila ang lumang kasulatan sa Museo ng Istanbul. Ang nakatuklas ay si Dr. Samul Stern ng Oxford University. Ang mga unang Kristiyano ay tinatawag ng mga Nasareno (ito'y nagkatugma sa Qur'an sa pagtawag sa mga Kristiyano na, "Nasaara") na namamayani.

Ang mga Nasareno na umangkin na sila'y nanggaling sa unang lahi ng mga disipulo ni Hesus at nagkaroon ng pagkasalungat sa mga Kristiyanong tagasunod ni Pablo, at sila'y pinalabas sa Palestine patungong Syria noong 62 A.D. Ang Nasareno ay kumikilala kay Hesus bilang dakilang propeta at mabuting tao. Pinaratangan nila si Pablo na kanyang pinalitan ng Romanong pag-uugali ang tamang katuruan ni Hesus at ipinahayag na si Hesus ay isang Diyos. Sila'y tumanggi sa pagdiriwang ng kapanganakan ni Hesus at kinikilala ito bilang paganong bangkete.

Ang bersyon ng sinakulo ni Kristo na nakasulat sa kasulatan na nilansi ni Judas ang mga Hudyo sa paghalili ng ibang tao kay Hesus. Ang hinaliling tao ay tuluyang tinanggihan sa harapan ni Herodes at Pilato, ang paratang na siya'y nagsabi na siya ang Mesias. Ayon sa bersyong ito siya'y humarap kay Herodes hindi kay Pilato, at siya'y naghugas ng kanyang kamay at ipinakita na siya'y walang kasalanan sa anumang masasapit ng naturing tao. Pagkatapos pinakulong ni Herodes ng isang gabi ang sinasabi nilang Hesus, subalit kinaumagahan siya'y dinakip ng mga Hudyo, pinarusahan at pinako sa krus. Ang bersyon ng kuwento ng pagkapako ay isang makabagbag damdamin na ipinahiwatig ng pinaniniwalaang Ebanghelyo sa kay Hesus ay mas-makatwiran. Sa isang pangkaraniwang tao na hindi kilala, ang katangiang yaon ay puwedeng patawarin. Subalit sa isang alipin ng Diyos na kanyang ipahayag sa oras ng pagsubok, o maging sa isang pinuno, siya'y magpakita ng katapangan, subalit ang kinikilalang alipin ng Diyos ay umiyak ng malakas sa harap ng madla: "Diyos ko, Diyos ko bakit mo ako pinabayaan?" Ito'y katangian ng isang tao na mababaw ang paninindigan.

Kapag ang kanilang napako ay si Hesus, at kapag si Hesus ang Diyos, sino ngayon ang nakakaalam na siya'y bababa sa lupa upang

ipako sa krus para sa kasalanan ng sangkatauhan, ito'y lubos na nakakatawa. Si Upton Sinclair sa kanyang aklat: Ang Pagkatao ni Hesus:

"Inyong napansin na ang kumukuwento ay hindi nakilala ang katayuan ni Hesus, siya ba ay Diyos o kaya'y tao. Katotohanan ito'y malaking kaguluhan, kapag inyong tanggapin na ang Diyos ay puwedeng maging tao, siya ba ay tao o Diyos pa rin? Paano siyang lokohin ng kung saan alam niya na siya'y lolokohin? Ang kasaysayan ay walang maliwanag na kasagutan, sa katotohanan ito'y nakakatawa at walang kasagutan, at maging ang isang pangkaraniwang pag-iisip ay hindi matatanggap ang usapang ito".

"Kapag si Hesus ay Diyos, alam niya ang lahat bago pa mangyari, subalit ang mga pangyayaring ito ay hindi niya alam. Siya'y kagaya ng isang aktor na gumaganap ng isang tauhan sa dula, at ito'y nakakasawang gagampanan ng isang makapangyarihang nakakaalam ng lahat. Siya ba'y gumaganap dahil sa isang kasiyahan ng mga kabataan? Sa kabilang panig, kapag siya'y tao at may utak ng tao, magkagayon hindi niya alam ang katotohanan at wala siyang kapangyarihan kagaya ng kaalaman ng tagapaglikha. Ang mga manunulat ay humiling na dapat tayong maniwala sa lahat na ito, subalit ating natutunghayan na ito ay hindi niya talos ang lahat at siya'y nangangapa lamang kagaya nating mga tao".

Ang bugtong na ito ay nagpapagulo sa mga matapat at matalinong mambabasa ng mga Ebanghelyo kagaya ni Upton Sinclair, ito'y nabigyan ng kalutasan ng Nasorean bersyon tungkol sa pagkapako. Sa bersyong ito si Hesus ay naabswelto sa pagkaduwag, ang pagiging salawahan at mababaw na paniniwala sa Diyos ay nakakahiya at kaduwagan ang pinahayag ng taong pinako sa krus. Ang pagkasalawahan at kasamaan ng disipulo na ibinalita sa Ebanghelyo ay

nakalantad kapag ang taong naipako ay hindi ang Mesias. Magkagayon ang mga disipulo ay malaya sa paratang ng pagkaduwag, pagtataksil, kasinungalingan at walang katapatan sa kanilang pinuno sa oras ng panganib. Ang taong kanilang ibinenta, tinalikuran ay hindi nila kilala. Siya ay hindi kanilang Maestro. Ang "Apokripa" na Ebanghelyo ni Barnabas ay nagbalita na si Hudas ang naipako sa halip kay Hesus, at ang sekta ng Basilidon ng mga unang Kristiyano ay naniwala na si Simon ng Cyrene ang naipako, at hindi si Hesus. Ayon sa tatlong pinapaniwalaang Ebanghelyo siya ang taong nagdala ng krus ni Hesus. Si Juan lamang ang nagbalita na si Hesus ang nagdala ng krus. Ito'y napakahalagang bagay.

Ang ibang Iskolar ay bumatay sa kanilang pagsisiyasat sa pinapaniwalaang Ebanghelyo at mayroong ibat-ibang bersyon sa pagkapako. Isa sa mga Iskolar ng Biblia si Dr. Schonfield, siya'y naglathala ng kanyang napag-aralan sa kanyang kontrobersyal na aklat, "Ang masamang balak na sinakulo". Siya'y nanindigan na si Hesus ang naipako sa krus, subalit siya'y hindi namatay sa krus; siya ay lumitaw na parang patay sa paggamit ng gamot na ipinahayag sa Mateo na ito'y isang suka lamang.

Mula sa tanghaling tapat hanggang ikatlo ng hapon ay nagdilim sa buong lupain. Nang mag-ikatlo ng hapon, sumigaw si Hesus, "Eli, Eli, lama sabachthani?" ibig sabihi'y "Diyos ko, Diyos ko bakit mo ako pinabayaan?" Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon, at sinabi nila, "Tinawag niya si Elias!" Agad tumakbo ang isa sa kanila at kumuha ng espongha, tinigmak ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang tambo at ipinasipsip kay Hesus. Ngunit sinabi naman ng iba. "Hintay muna, tingnan natin kung darating si Elias upang iligtas siya!" Muling sumigaw si Hesus at nalagutan ng hininga. Mateo 27 : 45-50

Ito ang pagsasalaysay ni Mateo, o sinuman ang sumulat sa kanyang pangalan. Si Schonfield umangkin na ito'y isang balak upang ligtasin si Hesus sa kamatayan sa krus. Ang gamot ay pinaliwanag na suka ay binigay upang siya'y magmukhang patay. Ayon sa Ebanghelyo si Hesus ay nanatili sa krus sa loob ng tatlong oras lamang, subalit pangkaraniwan sa taong pinako sa krus na malasap niya ang sakit sa tagal ng panatili niya sa krus. Ayon sa plano, isang mayamang disipulo na si Joseph ng Arimatea ay humarap sa Romanong Gobernador, si Pilato, at humingi ng pahintulot na ibigay sa kanya ang patay na katawan ni Kristo. Si Michael J. Harner, Antropolohiya ng Unibersidad ng California tumulong kay Schonfield at siya'y nagwika na ang alak ay gawa mula sa tanim na mandrake (matagpuan sa Mediteranya) ay ginagamit sa Palestine upang magmukhang patay ang taong pinako sa krus.

## "SIYA AY HINDI NILA NAPATAY"

Isang katotohanan na kapag ang isang matapat na mambabasa ng apat na Ebanghelyo ng Biblia ay matatagpuan niya ang matibay na katunayan na nagpapakita na ang taong kanilang pinako sa krus ay hindi namatay subalit pinakita lamang na parang patay. Sa magkatulad na Ebanghelyo, mayroon ding napakatibay na katibayan na salungat sa paniniwala ng manunulat, at ito'y posibleng mangyari, at katotohanan ang taong naipako sa krus ay hindi si Hesus.

Isang katunayan na si Hesus ay hindi tanyag sa panahong yaon sa Herusalem. Sa mga taong dadakip sa kanya, siya ay estranghero sa kanila, siya'y nanirahan sa liblib na lugar ng Galile. Siya ay nagpahayag ng kanyang paniniwala sa loob ng dalawa o tatlong taon lamang, gumala siya sa paligid nito na walang siguradong mapipigilan. (Mateo 8 : 20)

Sa panahong yaon hindi siya nakabisita sa Herusalem ng madalas. Ang unang Ebanghelyo, si Marcos ay nagwika na siya'y dumalaw ng isang beses lamang, subalit ang huli si Juan ay nagsabi ng apat na ulit. Kakaunti ang nakakaalam sa kanya, at ipinahayag na ang kanilang dadakipin ay hahalikan ni Hudas. Hindi pambihira na sila'y nagkamali sa pagdakip ng iba maliban kay Hesus. Ang Ebanghelyo ay nagsasalaysay na noong siya'y hulihin ay nagsitakbuhan ang kanyang mga disipulo. Maging ang pinakamalapit niyang disipulo, si Pedro, ay tumalikod sa kanya, at nagwika; "Hindi ko kilala ang taong ito" (Mateo 26:74). Sadyang mahirap paniwalaan na ang lahat niyang disipulo na siya mismo ang pumili ng may pag-iingat walang isa man sa kanila ang nakakilala sa kanya. Kung ating sabihin na ito'y katuparan ng hula ating paniwalaan na lamang.

Bukod diyan, ang sagot ng taong pinaratangan noong siya'y tinanong sa hukuman ay nagpahiwatig na hindi siya si Hesus. At sa katapusan, ang kanilang pinaratangan ay di-nagsabi ng katotohanan. Ang tatlong pinapaniwalaang Ebanghelyo ay nabigo sa pagpapahayag ng kahit isang katunayan na magpatibay sa katauhan ng kanilang hinuli. Si Lukas ay nagsabi noong siya'y hinuli: "Sabihin mo sa amin kapag ikaw ang Kristo", kanyang sinagot, "Kapag aking sasabihin sa inyo, kayo'y hindi maniniwala, at kung kayo'y aking tatanungin kayo'y hindi sumasagot". Noong siya'y tinanong, "Ikaw ba'y anak ng Diyos?" Siya'y sumagot: "Kayo'y nagsabi na ako'y gayon".

Si Mateo ay nagbalita: Mateo 26 : 62-64
Tumindig ang pinakapunong saserdote at sinabi kay Hesus, "Wala ka bang maisasagot sa paratang na ito sa iyo?" Ngunit hindi umimik si Hesus. At sinabi sa kanya ng saserdote, "Iniuutos ko sa inyo: Muli sabihin mo sa amin, sa ngalan ng Diyos na buhay, kung ikaw ang Mesias, ang anak ng Diyos". Sumagot si Hesus, "Kayo na ang nagsabi. Ngunit sinabi ko sa inyo: Mula ngayon ay makikita ninyo ang Anak ng

Tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan, at dumarating na nasa alapaap ng langit!"

Ating unawain na kahit maging sa orihinal na anyo ang pagsalaysay nito ay isinulat nóong mga ilang taon na ang nakaraan pagkalipas ng pangyayari, ito'y pinahayag sa taong may matapat na paniniwala na ang taong ito ay si Hesu-Kristo, at hahit sila'y nagpalabas ng katibayan mula sa isang taong si Hudas, isang impormer; at ang katibayan ay hindi inilantad sa harapan ng hukuman subalit ito'y isinangkot lamang. Ang balitang kumalat sa paghalik kay Hesus ay isang paraan upang siya'y makilala sa gitna ng mga pulutong at ito'y pansamantalang kahibangan na paraan ng mga panatiko.

Kapag ating diinan ng pansin ang pangatwirang ito kasabay ng unang sinalaysay ugnay sa bersyong ito na isinalaysay ng ibang lumang kasulatan maliban sa Biblia na ngayon lamang natagpuan at nagsasaad ng paniwala ng mga unang Kristiyano na si Hesus ay hindi napako sa krus, ang katotohanan ng Qur'an ay nagiging malinaw.

"Subalit siya'y di nila napatay, o naipako sa krus ngunit lumabas lamang sa kanila na parang gayon nga at sila na nagkasalungat ng pagkaunawa ay puno ng pagkalito at walang tiyak na kaalaman sa pangyayari, wala silang sinusunod maliban sa haka-haka. Katotohanan, siya ay hindi nila napatay. Qur'an 4:157

At ang Qur'an ay pinahayag sa isang hindi marunong sumulat at bumasa na tao noong labing-apat na siglo ang nakaraan. Ang Makabagong Kanlurang iskolar ay tinanggap ang salaysay ng Qur'an tungkol kay Hesus.

## ANG BATAS AT ANG PAGBIGAY NG KAPAHINTULUTAN

Noong hinulaan ni Hesus ang pagdating ng Tagapagpayo o ang Tagapang-aliw ipaliwanag niya sa sanlibutan ang kasalanan dahil sila'y hindi naniwala sa kanya, siya'y magwika lamang ng katotohanan. Siya'y magpahayag sa mga Israel na sila'y mahigpit sa mga pagtalima sa mga kautusan at batas. Siya'y nabigo sa paghikayat sa kanila dahil sa kanilang pagmamalaki ng kanilang paniniwala. Kanyang sinubukan na kanilang kalugdan ang kaibahan sa pagitan ng mga itinakda ng tao at sa ganap na batas ng Diyos.

"Niwawalang – kabuluhan nga ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo ay turo ng tao".**Marcos 7:8**

Si Hesus ay hindi nagdala ng bagong batas. Ang kanyang misyon ay ipatupad ang batas ni Moises. Subalit noong siya ay nag-alok ng pang-unawa tungkol sa batas ang suliranin ay lumabas. Ang pangkat ng kanyang mga disipulo ay nag-isip na siya ay taga Israel at susunod siya sa batas at hindi magbago nito maging sa kaliit-liitan o tuldok na siya'y laging nagsasaad nito. Kinakailangan lamang na susundin ng kanyang mga tagasunod, maging ang pagtuli, ang mga pinagbabawal na pagkain tulad ng laman ng baboy at dugo, ang paraan ng pagkatay at pagpapahalaga sa araw ng Sabado bilang araw ng pagsamba. Ang ibang kabilang panig na pinamumunuan ni San Pablo ay nangatwiran na si Kristo ay walang dinalang batas at sila'y Malaya sa pagsunod sa batas, dahil ang dugo ni Kristo sa krus ay nagpalaya sa kanila sa "**Pagkakaalipin**" at ang mahalaga ay ang paniwalang si Hesus ay namatay para sa kanila. Ito'y sapat na para sa kaligtasan. Upang magkaroon ng buhay, ang paniwala at pananampalataya ay kinakailangang maniwala sa sinasabing Eukarista o ang Misa. Sa taimtim na pagsasagawa ng seremonya, ang tinatawag na banal na Sakramento

ito'y panloob at panlabas na tanda at pang-espiritwal na pagparangal, ginawang banal ang tinapay at alak bilang katawan at dugo ni Hesus:

**Ang Ebanghelyo ni Mateo ay nagsalaysay:**

Samantalang sila'y kumain, dumampot ng tinapay si Hesus, matapos magpasalamat sa Diyos, kanyang pinagpira-piraso at ibinigay sa mga alagad." **Kunin ninyo ito at kainin; ito ang aking katawan"**, winika niya. Hinawakan niya ang saro, nagpasalamat sa Diyos at ibinigay sa kanila." Uminom kayong lahat nito", sabi niya." Sapagkat ito ang dugo ng tipan, ang aking dugo na mabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan."
Mateo 26:26-28

Si Upton Sinclair sa kanyang aklat, "Ang Katauhan ni Hesus", nagpuna sa sipi sa itaas:

"Mula dito nagsimula ang pamamaraan ng Eukarista, Ang komunyon, ang Misa: ang pinakataimtim na seremonya. Sa halip ng tupang ialay, ang katawan ni Hesus sa krus ang kapalit, dahil sa kanyang dugo tayo'y nilinis, at dahil sa makalangit na pagbabago ng tinapay at alak na naging laman at dugo, kinain at ininom ng may paggalang. Bilyong salita ang ginugol sa pakipagtalo at libu-libong aklat ang nilathala na nagtatanong kung paano nangyari ang kababalaghang ito. Mayroong sinasabing pagbabago sa tinapay at alak sa nilalaman nito at hindi sa anyo at mayroong pagbabago sa laman at ang pangatlong uri ang pagdalo ni Hesus. Ang Katoliko ay naniniwala sa tinatawag na Tunay na Pagdalo, iyon ang sinasabing totoong pagiging laman at dugo ni Hesus, at kahit ang anyo ay nanatiling tinapay at alak. Ang lahat na matapat na Katoliko ay dumadalaw ng isang beses sa loob ng isang linggo upang saksihan ang gawa na ginagampanan ng pari at kanilang naramdaman na ang kanilang kaluluwa ay ligtas sa apoy ng impiyerno. Wala akong layunin

na saktan ang damdamin ng sinuman, at ako'y hindi naniniwala na si Hesus ay may kinalaman sa kanilang gawa".

Si Marcello Craveri, nag-ulat sa kanyang aklat, "Ang Buhay ni Hesus":

"Sadyang madaling makikita ang kaugnayan sa panahon noong sinimulan ang Kristiyanismo, Pag-aayuno, Kadalisayan at pagtatag ng kumbento ng mga pari, ito'y paghahanda sa "kahiwagaan" ng Eukarista, Pag-aayuno, Kumpesyon bilang kapatawaran ng kasalanan – subalit ang kapalit ng banal na hayop sa katauhan ni Kristo ay ginawa ang seremonya bilang kahiya-hiya at katakot-takot. Kapag si Hesus ay kinikilala bilang isang tao, ang Hapunan ng Panginoon ay kasingtulad sa ritwal ng mga kanibal, at kapag si Hesus ay kinikilala bilang Diyos, ang tunay at dalisay na katangian ng Diyos ay bumaba sa pagiging walang habag na diyos at naging mabangis at walang katapusang pag-alay ng kanyang piling anak.

Minsan tinanggap ang mga bagong kuru-kuro ni Pablo, maging ang pagsunod sa mga Apostol ay nawalan ng saysay, ang Eukarista at paggunita kay Hesus ay naging bahagi ng "misteryo" ng komunyon. Ang tinapay at ang alak ay ginawang tanda sa katauhan ni Hesus lalung-lalo na ang kanyang katawan at dugo.

Ang teksto ng Ebanghelyo ay puno ng mga dinagdag na ginawa ni Pablo, lumabag sa katotohanan ng kasaysayan upang matugunan lamang ang kanyang pangangailangan, at nagpahayag ng walang kahalay-halay na ang lahat ay tuwirang inulat ni Hesus sa kanya, binigay sa kanya ni Hesus pagkatapos hinati ang tinapay at nagsabi: "Kunin mo, kainin, ito ang aking katawan, hinati ko para sa iyo", at noong siya'y tumagay ng alak at nagsabi: "Ang tasang ito ay ang bagong pangako sa aking dugo".

Ang patunay ng kuwento tungkol sa huling Hapunan ng Panginoon ay idinagdag sa Ebanghelyo (Mateo 26 : 26-29, Marcos 14 : 22-25 at Lukas 22 : 17-19) na ginawa ni Pablo at nakasulat din sa sulat ni San Pablo sa taga-Corinto:

"Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: ang Panginoong Hesus noong gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat at pinagpira-piraso ito, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihandog para sa iyo. Gawin ninyo ito bilang pag-alala sa akin". Gayon din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang saro at sinabi, "Ang sarong ito ang bagong tipan na pinagtibay ng aking dugo. Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-alala sa akin". Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa sarong ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon, hanggang sa muling pagparito niya!"
1 Corinto 11 : 23-26

Ating alalahanin na si San Pablo ay hindi disipulo ni Hesus noong siya'y nabubuhay. Siya'y hindi umangkin na siya'y nakasalubong kay Hesus. Siya'y bumatay sa kanyang karapatang magwika ayon sa kanyang inangking naranasang pangitain at ang karanasang yaon ay inulat sa gawa ng mga Apostol ng tatlong ulit, at bawat isa'y magkakaiba ang inulat.

## TAMANG PANANAW

Sa pagdating ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang lahat ng ito ay nailagay sa tama. Ang tamang Hudahismo ni Moises ay naibalik sa tamang kalagayan at ang Kristiyanismo ay nalinis laban sa katuruan ni Pablo. Sila'y naibalik sa kanilang walang kamatayang hugis sa Islam. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagturo ng ganap at maliwanag tungkol sa kasalanan, kabutihan at paghatol. Tinanggal niya ang maraming tinakdang pinagbawal ng mga maestro ng

mga Hudyo na kung saan sila'y dumadaing. Siya'y nagpaliwanag sa kanila na ito ay ipinataw sa kanila dahil sa kanilang matigas na ulo at pagsuway, at ang iba ay ginawa ng mga pinunong saserdote upang mapalakas ang kanilang kapangyarihan laban sa kanila. Sa kabilang panig, hindi niya pinabayaan ang sangkatauhan upang mangapa sa dilim na hindi alam ang kanilang gagawin at isangguni sa lumang kasulatan na ang kanyang pagkadalisay ay puno ng pag-aalinlangan dahil sa maraming idinagdag, binawas at pinalitan. Siya ay may dalang Qur'an na ang kanyang ibang pangalan ay ang "Al-Furqan" ang "Pinagbabatayan", dito makikilala ang katotohanan sa kasamaan: Siya'y nagdala ng batas, ang tunay na Batas ng Diyos, ito'y nagbibigay ng kalayaan sa tao laban sa mga itinakdang pinagbabawal ng mga Hudyo, subalit hindi binigyan ng kapahintulutan ni Pablo.

"Dahil diyan (batas) ito'y isang uri ng pang-aalipin, katotohanan ito'y pinakamasamang uri, dahil iyan ang pang-aalipin ng kaisipan at kaluluwa, kapahintulutan sa katawan subalit pagbibilanggo sa kaalaman at kaluluwa".

Ang Allah ay nagwika sa Qur'an:

"Ang Aking parusa ay ipapadama ko sa Aking naibigan at ang Aking awa ay para sa lahat. Ang Aking awa ay italaga Ko sa mga mabuti, at gumawa ng palagiang kawanggawa, at sa mga naniniwala sa Aming mga tanda, yaong sumusunod sa Sugo, ang hindi marunong sumulat at bumasa na propeta, kanilang natagpuan sa kanilang sariling kasulatan, sa Torah at Ebanghelyo: siya ang nag-utos ng kabutihan, ang pinagbawal at ang kasamaan, pinayagan niya ang pinahintulutan ng batas at ipinagbawal niya ang masama. Pinakawalan niya sila sa malaking suliranin na kanilang dinadala at sa mga tanikala (ng pananagutan) na nakaatang sa kanila. Kaya ang mga naniwala ay nagparangal sa kanya,

tumulong sa kanya, at sumunod sa liwanag na pinadala sa kanya, sila yaong magtatagumpay". Qur'an 7 : 156-157

Ang Qur'an ay nangunguna sa pagpapahalaga ng paniniwala, ang paniniwala sa Diyos, Ang Mapagpala at Mahabagin, at nagtitiwala sa kanyang walang hanggang biyaya.

"At kung hindi dahil sa biyaya at habag ng Diyos walang isa sa inyo ang naging dalisay". Qur'an 24:21

Mayroong nagtanong sa Propeta na kanyang pababayaan ang kanyang kamelyo sa pangangalaga ng Diyos. Ang Propeta'y nagwika: "Itali siya at magtiwala sa kanya".

## ANG PINAGMULAN NG PAGANISMO

Ang paniniwala at gawa ay magkakasama. Kapag mawala ang isa sa kanila ay maging walang kabuluhan ang bawat isa. Ang paniniwala na ayon sa turo ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ang kasalanan ng isang tao ay hindi puwedeng dadalhin ng iba. Walang makapaglitas ng iba maliban na siya'y maging isang gabay at inspirasyon. Nakasalalay sa bawat isa ang paraan ng kaligtasan. Walang tagapagdala ng kasalanan na dadala ng kasalanan ng iba; Ang Qur'an ay nagpahayag: "Sino man ang gumawa ng katiting na kabutihan ay kanyang makikita". Ito ang katuruan ng Qur'an. Walang para kay Hesus o si Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan) ang dadala ng ating mga kasalanan. Iyon ang doktrina ng katamaran at panlinlang ng sarili na maniwala na mayroong ibang magdurusa at magpakamatay para sa kabayaran ng ating mga kasalanan. Ito'y hindi itinuro ni Hesus. Ito ay ang mga katuruan ng mga paganong kulto na laganap sa pook ng

Mediteranya matagal na bago pa dumating si Hesus. Si Attis ng Phrygia (at ito'y tinawag na Galacia sa Asya Minor at ngayon ay Turkey), si Adonis ng Syria, Dionysius o Bacchus ng Greece, si Mitra ng Persia, Orisis at Horus ng Ehipto, sila'y mga diyos ng mga pagano na may alamat tungkol sa pagtubos, pagbayad at pagkabuhay muli na sadyang magkahawig sa pangyayari kay Hesus, halimbawa:

I.Si Attis ng Phrygia – siya ay pinanganak ng birhen na si Nana at kinikilala bilang Tanging bugtong na Anak at Tagapagligtas. Siya ay nagdusa hanggang namatay noong Marso 24 sa puno ng pine tree, at ang kanyang mga tagasunod ay naniniwala na ang kanyang dugo'y nagpanumbalik ng kasaganaan ng lupa at naghatid ng bagong buhay sa sangkatauhan. Nabuhay mula sa kamatayan, at ang kanyang pagkamatay at pagkabuhay ay pinagdiriwang ng kanyang mga tagasunod.

II.Si Adonis ng Syria – Pinapaniwalaan na siya'y Tagapagligtas, ipinanganak ng isang birhen. Siya'y nagdanas din ng kamatayan para sa kaligtasan ng tao. Siya'y nabuhay mula sa kamatayan noong Tagsibol.

III.Si Dionysius o Bacchus ng Greece – Isa pang kinikilalang diyos ng mga pagano. Tinaguriang tanging Bugtong na Anak ni Jupiter. Sinilang mula sa isang birhen, pinangalanang Demeter noong Desiembre 25! Sa kanyang tagasunod siya ay kinikilalang Tagapagligtas at Mananakop. Kinikilala na Alpa at Omega. Ang kuwento tungkol sa kanyang sinakulo ay diniriwang taun-taon at ganoon din ang kanyang pagkamatay, paglabas mula sa impiyerno at ang kanyang pagkabuhay-muli.

IV.Si Orisis – Ang diyos ng Ehipto – isinilang noong 29 ng Desiembre ng isang birhen. Siya'y tinaksil at pinatay. Siya'y nilibing, nanatili sa

impiyerno sa loob ng dalawa o tatlong araw at gabi siya'y bumangon mula sa kamatayan.

V.Si Mitra – ang diyos ng araw sa Persia. Siya ay isinilang ng isang birhen noong Desiembre 25, ang Pasko at Pagkabuhay muli ay isa sa mga mahalagang pista ng kanyang tagasunod. Sila ay mayroong pitong sakramento. Ang pinakamahalaga ay ang pagbinyag, konpermasyon, at ang komunyon na sila'y kumakain ng Banal na katawan at dugo ni Mitra sa pamagitan ng tinapay at alak.

Sa mga kasaysayang ito tayo ay nagtataka kung si San Pablo ba o ang mga pinuno ng simbahan ang nagpasimuno ng doktrina ng kaligtasan mula sa dugo, pagbayad ng kasalanan, pagkamatay at pagkabuhay ni Hesus, ang Komunyon, Trinidad, Pagbinyag, Pasko at Pagkabuhay muli. Ito ba ay mula kay Hesus o sa Banal na Espiritu, o di kaya mula sa mga paganong kulto ng Griyego, Ehipto, Syria at Persia na nauna sa Kristiyanismo. Ang pagkakahawig ay halatang nagkakataon lamang. Ang lahat ng pangyayaring ito ay alam ng kanilang mga tusong (matalino) pari at gumawa ng alamat at kasaysayan na sa katagalan ay kinupkop ng Simbahang Kristiyanismo.

Si Leo Tolstoi, isang tunay at matapat na kristiyano sa kanyang mga sinulat. "Bilang pananawagan sa mga saserdote", siya'y nagwika: "Kapag ang Trinidad, pagsilang ng birhen, at kaligtasan ng sangkatauhan sa pamagitan ng dugo ni Hesus ay maaring totoo, magkagayon lahat ng maaring mangyari at ang tamang pasiya ay hindi kinakailangan".

## ANG HULA NI HESUS AY NATUPAD

Kapag si Hesus ay di-umiwan ng sapat na gabay tungkol sa kasalanan, kabutihan at paghukom ito'y napakagandang dahilan na kanyang itinakda (Juan 6 : 5-14 na ating nabanggit). Subalit noong kanyang sinabi na kung sino ang darating. "Kapag siya'y paparito patutunayan niya sa mga tao sa sanlibutan na mali ang pagkakilala nila sa kasalanan, at ipakilala niya kung ano ang matuwid at kung ano ang kabutihan, at gagabayan niya kayo sa buong katotohanan".

Si Hesus ay nagsabi na siya'y (ang kanyang hinuhulaan) darating upang turuan ang buong sanlibutan tungkol sa kahatulan. Siya ay hindi gumawa ng sariling paghuhusga sa kanyang buong buhay kagaya sa mga kasalukuyang paghuhusga na pinapaniwalaang makatarungan. Ang kasaysayan ay nagpahayag na walang espiritwal na pinuno pagkatapos ni Kristo (sumakanya nawa ang kapayapaan) na humawak ng makapangyarihang paghuhukom maliban kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Isang Pastol, Mamamayan, Asawa, Ama, Mandirigma, Administrador, Mambabatas, Tagapangasiwa ng mamamayan, Tagapaghatol, Santo at huling propeta na mayroong mensahe na tuwirang mula sa Allah, ang Dakilang Diyos. Siya'y nagpairal ng katarungan, subalit ang kanyang katarungan ay may halong habag na angkop sa paghuhusga ng may kapangyarihan ng Pinakamahahabagin.

Ang kanyang makulay na buhay ay binubuo ng ibat-ibang katangian na naging isang inspirasyon at gabay para sa lahat, at sa anumang pangangailangan. Siya'y nagturo sa pagbigay ng alituntunin at halimbawa. Siya ay hindi nagkaroon ng isang guni-guni subalit may matapat na pananaw sa katotohanan ng buhay, praktikal sa kanyang pamumuhay at mayroong dakilang espiritwal na katayuan at isang karapatan sa mga papuri ng Diyos noong siya'y nagwika:

"At ikaw (O, Muhammad!) ay mayroong mataas na katangian ng pag-uugali".

Qur'an 68:4

Minsan ang kanyang asawa, si Aisha ay tinanong tungkol sa kaugalian ng Propeta, siya'y sumagot sa maiksing salita: "Ang kanyang kaugalian ay ang Qur'an". Isinabuhay niya ang katuruan, ang utos mula sa kanyang Tagapaglikha. Walang pag-alinlangan na si Kristo (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagtukoy sa kanya na kumbinsihin niya ang sanlibutan sa kabutihan.

Ang tao na hinulaan ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) bilang isang pandaigdigang mensahero, ang kanyang misyon ay hikayatin ang sanlibutan, hindi upang dadami ang kanyang tagasunod, ang Allah ay nagpahayag sa kanya:

"Hindi ka Namin pinadala maliban sa pagiging mensahero sa lahat na sangkatauhan, magbigay ng magandang balita at babala laban sa kasalanan, subalit karamihan sa tao ay walang kaalaman".

Qur'an 34:28

**"Hindi ka Namin pinadala maliban sa habag sa lahat ng nilikha".**

**Qur'an 21:107**

Si Hesus ay nagwika na marami pa siyang sasabihin, subalit ang mga tao sa kanyang kapanahunan ay walang pagtitiis. Ang taong darating ay gagabay sa kanila sa lahat ng katotohanan at siya ang Espiritu ng katotohanan, ang kanyang karapatan ay ang magpahayag sa lahat ng walang hanggang, hanggat magtagumpay ang kanyang misyon:

**"Wala ng propetang susunod sa akin"**

Siya ay si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na sinalaysay ng Diyos bilang, "Ang selyo ng mga propeta at Apostoles". Kapag ang dokumento ay nilagdaan at sinelyuhan wala ng idadagdag na iba. Ang Qur'an at ang buhay ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay magagamit bilang isang gabay at inspirasyon sa lahat ng panahon. Walang ibang makapagpahayag nitong pangkatapusang Propeta maliban kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at ang kanyang pag-angkin ay makatarungan. Kung ano ang kanyang karapatan ay kanyang inangkin sa pinakamaliwanag at simpleng katawagan. Ipinagbawal niya ang panggulo ng kaisipan. Siya'y nagtatwa ng anumang pagka-Diyos. "Ako ay hindi hihigit sa isang tao lamang", ito ang palagiang lumalabas sa kanyang labi. Ang Qur'an ay nag-utos sa kanya:

Sabihin mo: "Ako ay isang tao lamang na katulad ninyo, subalit mayroong ipinahayag sa akin na ang inyong Diyos ay isang Diyos lamang; sinuman ang umaasa na makipagkita sa kanyang Panginoon , hayaan siyang gumawa ng kabutihan at huwag siyang mag-akibat ng anumang katambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon, at tanggapin na wala siyang kasama".

Qur'an 18:110

Ang kanyang tungkulin ay ang magpahayag, at ganoon din si Hesus, siya'y sumunod ayon sa kagustuhan ng nagpadala sa kanya. At ito ang Islam, pagsuko sa kalooban ng Diyos. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay hindi umangkin na siya ang nagtatag ng bagong pananampalataya, siya ay nagpatuloy lamang na maisakatuparan ang tungkulin ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Si Moises, Abraham at ang mga Propeta (sumakanila nawa ang kapayapaan) ay sumuko lamang sa kalooban ng Allah. Katotohanan ang Qur'an ay nagpahayag: "Walang pamayanan na hindi niya pinadalhan ng Sugo". Siya ang pangkatapusan at para sa sanlibutan, ang panahon ay dumating

sa kanyang katapusan at pangkalahatan, at ito ang katuparan ng hula ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa Huling Hapunan. Ang mga katuruan ng mga nauna kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nasira ng panahon at ng mga tao. Ang kanilang Banal na Aklat ay nahaluan ng maraming dinagdag, binawas at pagbabago. Ang makasaysayang panahon ay dumating para wakasan ang tribu-tribo ng mga maling paniniwala. Isang paniniwala para sa lahat at sa lahat ng panahon. Ang Diyos sa kanyang walang hanggang katalinuhan ay nagpadala kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ng ganoong paniwala.

"Katotohanan sa mga naniniwala, ang mga hudyo at kristiyano at mga sabyan na naniwala sa Allah at huling araw at gumawa ng kabutihan sa kanila ang gantimpala mula sa kanilang Panginoon. Hindi sila mangangamba at hindi sila malulunkot".Qur'an 2:62

Ang mundo sa panahon ni Hesus(sumakanya nawa ang kapayapaan) ay hindi pa handa na tanggapin ang buong katuruan ng pandaigdigang pananampalataya. Isang karahasan na baguhin at pilitin na mangyari ang pangyayari na pangkaraniwan sa hinaharap. Dinanas ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang masikip na daan ng pagkatribu-tribo upang maakit niya ang mga Israelitang tagapakinig. Isaalang-alang ang kanyang sinabi sa babaing Taga-Canaan (Mateo 15 : 21-18), at ang kanyang mga bilin sa kanyang labing-dalawang disipulo (Mateo 10 : 5-8) at gayundin ang kanyang pangako sa kanila (Mateo 19:28). Anumang uri ng pag-aaral ay tuluyang mabibigo. Ang pangyayari ay hindi mabuti. Kapag iyong basahin sa Lumang Tipan ay inyong matunghayan na mahirap hikayatin ang nagkatribu-tribong pamayanan kagaya ng Israel na tanggapin nila ang Diyos bilang Diyos ng sangkatauhan.

Kinilala ng mga taga-Israel na sila'y piling anak ng Diyos at binigyan ng karapatan na kumuha ng mga lupain at ari-arian ng ibang tao sa pamagitan ng pandaraya noong sila'y mahina at dahas noong sila'y malakas (Gen. 17:8, Exodus 3:22 at Joshua 6:21-24).

Ang mga alamat ay ginawa sa ilalim ng pagkukunwari na ito raw ay Banal na kasulatan na pinayagan sa Hebreo katulad sa kalagayan ni Harrenvolk, Hitler at lalung-lalo na ang Binagong Simbahan ng mga Olandes sa Timog Afrika na sila'y tiyak na tumanggap ng kanilang inspirasyon mula sa Lumang Tipan. Sila'y naniwala na ang Diyos ay ang panginoon at pinag-ukulan higit sa lahat ng sangkatauhan higit sa mga Arabo (mula sa lahi ni Propeta Isṃael) at Afrikano (mula sa lahi ni Ham).

Si John Okello ang nagdala ng kamatayan at kilabot sa Zanzibar noong 1964 at nagwika sa kanyang aklat na siya'y binigyang sigla ng Biblia na nag-utos, "Ang pagpuksa sa lahat ng humihinga".

Ang Zionismo ay ang espiritwal na ninuno ng apartheid (batas ng paghihiwalay ng lahi) at iba pang sangay ng Facista. Mayroong alamat tungkol kay Propeta Noah (sumakanya nawa ang kapayapaan) noong sumpain niya ang kanyang anak na si Ham, ang ninuno ng mga Afrikano (at mga Arabo na nagmula sa Canaan, Palistine, Ponesyan at Ehipto) at ang kanyang pinagmulang lahi bilang alipin ng mga Hudyo at Uropa magpahanggang kailan. (Gen, 9 : 18-27). Sa tuluyang pagbabago ng kasulatan, ang sanga ng Hudyo, pinagmulang lahi ni Shem ay inangat ang katayuan dahil sa kasunduan ng Diyos kay Isaac, at tumutol kay Ismael na magulang ng mga Arabo. Maari bang maging panatiko ang tao na kanya ang pagmamalaki, at ang pinakamasama na krimen ay ang kanilang kaugalian at ginawang banal ng Diyos hanggat sila'y nanatili at ang paghahari ng kanilang lipi sa iba, ako'y nagtatanong ng buong kababaang-loob – sila ba ang taong dadala ng mensahe sa sanlibutan?

Maaring (matigas) na hindi! Ang tungkuling yaon ay magagampanan lamang ng mga taong may pandaigdigang pakikisama, ang taong may kakayahan makihalubilo sa iba na mayroong kakaibang lahing pinanggalingan. Yaon ang mga Arabo na pinagmulan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na may Hemitiko / Semitikong pinagmulan, at tradisyunal na nanggaling sa lahi ni Propeta Ismael (sumakanya nawa ang kapayapaan) na siya'y nagmula sa isang babae ng Afrika, sa Ehipto. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) bilang Arabo ay may ibat-ibang lahi ng Hemitiko at Semitikong tao na naninirahan sa Arabia bago pa dumating si Abraham (sumakanya nawa ang kapayapaan) mula sa Chaldea. Mula sa Hemitiko at Semitikong ninuno na naglalakbay sa Afrika at mayroong ibat-ibang kasaysayan na siya ang pinagmulan ng napakaraming lahi ng mga Afrikano sa ngayon at ng mga Amerikanong itim. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang nagpahinto ng maling pang-unawa tungkol sa ugnayan ng kamag-anakan na siya ang pinakamahalagang bagay na bumibigkis sa tao na magkakaisa. Siya ang nagbigay wakas sa pagkatribu-tribo at pagtangi-tangi ng lahi at tumatag ng bagong pagkakapatiran sa pananampalataya at kapatiran ng tao.

Ang mga sinaunang aristokrasya ay niyurakan ng kanyang paa. Siya mismo ay nagmula din sa marangal na pamilya ng Arabia, siya'y nagwika: "Sinumang magmungkahi ng pagkatribu-tribo ay hindi natin kasama". Noong pinalaya niya ang Makkah sa ilalim ng paganismo siya'y nagbadya, "Ang lahat ng tao ay pantay, kagaya ng ngipin ng suklay. Walang Arabo na mas mahigit kaysa mga di Arabo: Ang mga puti ay hindi mataas kaysa maitim. Tayong lahat ay mga anak ni Adan, at si Adan ay mula sa alikabok".

Iyon ang ilan sa kanyang winika tungkol sa paksa ng mga lipi, ang paksa na hanggang sa ngayon ay nanatili na sakit ng karamihan sa mundo. Sa Islam walang ibang tungkulin na kapita-pitagan kaysa sa

palagiang kongregasyon na pagdarasal, at mayroong dalawang pinakamahalagang tungkulin ang Imam (namumuno sa salah) at ang tagapagtawag ng mga mananampalataya sa pagsamba. Isang pangkaraniwang gawain ng Propeta na siya ang namumuno sa pagdarasal, at hinirang niya si Bilal bilang tagapagtawag ng pagdarasal, siya'y taga-Utopia at dating isang alipin. Ang Propeta ay walang nakitang di-tugma sa pagpakasal ni Zaid sa kanyang pinsan, na siya (Zaid) ay dating alipin. Hindi siya nangamba sa paghirang kay Usama bilang pinuno ng isang hukbo ng mga Muslim laban sa mga Romano at kumbinsido sa kanyang kakayahan, binata sa edad na labing walong taong gulang at siya'y isinilang sa isang maitim na babae mula sa Afrika. Si Salman na taga-Persia, ang Propeta ay nagwika tungkol sa kanya: "Si Salman ay kasapi ng aking pamilya".

Isang napakahalagang bagay ang ating napuna na si Zaid at Salman ay dating mga kapwa Kristiyano. Ang unang martir ng Islam na pinili niya ang mamatay sa labis na paghihirap kaysa itakwil ang bagong niyakap na pananampalataya ay si Yaaser, isang Yemeni na Arabo at ang kanyang asawa na si Sumayya na mula sa Afrika.

Ang pandaigdigang Diyos, pandaigdigang relihiyon at ang pandaigdigang kapatiran ay maaring ituro ng kagaya niyang tao at tinanggap ng kanyang mga kasamahan sa kanyang kapanahunan. Hindi kataka-taka na ang Islam ay lumaganap na kagaya ng sumiklab na apoy.

Si Thomas Carlyle ay nagwika sa kanyang panayam tungkol sa; Ang Bayani bilang Propeta:

"Ang kasaysayan ng bansa ay naging mabunga, ang kaluluwa'y inangat at dakila na pinaniwalaan. Isang Arabo, ang tao na si Muhammad at sa isang siglo – hindi ba kagaya ng isang alipato ang bumagsak, isang tilamsik sa anyong maitim at di-napapansin na

buhangin? Subalit hindi! Ang buhangin ay nagpatunay ng pulburang pumuputok, lumiyab ng napakataas mula sa Delhi hanggang Granada!"

Hindi lamang isang paniniwala ang nagpakita ng salamangka; isang uri ng paniniwala, paniniwala sa mga gawain, paniniwala sa kapatiran ng tao at ng pandaigdigang relihiyon ng Diyos. Mula sa Atlantiko hanggang sa Pasipiko, mula sa Caucusus hanggang sa Comoros, mula Senegal hanggang Sinkiang, sa Istanbul hanggang Indonesia, ang lahat ay naging isang kapatiran, ang lahat ay nagkakaroon ng isang idelohiya, lahat ay humarap sa Makkah. Sila'y nagkakaisa upang sa gayon ang pagkakaiba ng lahi, kulay at salita ay tuluyang maging walang kabuluhan. Ang pinakabatang relihiyon sa lahat ng dakilang relihiyon ay naging isang sangtinakpang pananampalataya. Ang tanging makalahing pangkat lamang ang tumutol sa Islam, walang saysay sa pagpanatili ng kanilang pagkalahi at pinanindigang pagmamalaki, at ito ang pinakadakila na nag-aambag sa kapootan ng pagkalahi na kung saan ito'y nagpagulo ng mundo. Sila'y nakipaglaban sa lihim na paraan.

## TAGAPAGPAYO --- TAGAPAG-ALIW --- KAPURI-PURI

Ating suriin ang salitang Tagapagpayo o Tagapag-aliw na kanilang sinasabi na ito'y pamagat na binigay kay Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa isang tao na darating pagkatapos niya at gagabay sa tao sa lahat ng katotohanan. Mula sa ating natunghayan ang salitang ito ay palagiang pinahayag sa Biblia sa ibat-ibang bersyon. Ito'y hindi matatagpuan sa orihinal na Biblia. Ito'y alam na isinulat mga ilang taon ang nakaraan pagkatapos ng pangyayari. Halimbawa, sa Ebanghelyo ayon kay San Juan na ating nakuha mula sa sipi na nagtataglay sa hula ni Kristo na nakasulat sa itaas ay sinabi na isinulat mahigit kumulang 100 A.D.. Subalit ang pinakalumang kasulatan ay maaaring naisulat mahigit kumulang na dalawang siglo bago ang orihinal. Ang Griyegong teksto

na kung saan ang Awtorisadong Bersyon ay nagpaliwanag sa paunang salita ng Winastong Huwarang Bersyon na naglalaman ng, "pinagtitipong mga kamalian ng kasulatan noong labing-apat na siglo". Ang mga iskolar ng Biblia kagaya ni Rudolf Bultman (Protestante), ang Pari na si John Lawrence Mc Kenzie (Romano Katoliko) pumayag na ang ibang bahagi ng Ebanghelyo ay hindi totoong nangyari at ang ibang salita ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay ginawa lamang ng mga pinuno ng simbahan. Kaya ating madaling makilala ang ibat-ibang salita. Pinapaniwalaan na ang orihinal na Ebanghelyo ni San Juan ay nakasulat sa Griyego, bagamat ang wika ni Hesus ay Aramiko at ang kanyang pantas na wika ay Hebreo. Ang Griyegong salita na naisalin sa ibat-ibang wika na "Tagapagpayo" o kaya'y "Tagapag-aliw" ay ang Paracletos. Dahil sa posibilidad ng pagkakalito na naipaliwanag sa itaas hindi kamangha-mangha na ang tagakopya ng Griyegong teksto'y nagkamali sa pagbaybay ng totoong salita na ginamit sa orihinal, na iyon ay ang Periclytos. Ito'y nangangahulugan ng Kapuri-puri, na ang ibig sabihin sa Arabik ay Muhammad o Ahmad o Mahmoud.

"At alalahanin si Hesus na anak ni Maria ay nagwika: "O, mga angkan ng Israel! Ako'y propeta ng Allah na ipinadala para sa inyo na magpatunay ng Torah (Batas) na nauna sa akin, at magdala ng magandang balita sa isang propetang darating na susunod sa akin, na ang kanyang pangalan ay Ahmad." Qur'an 61:6

Ang Ebanghelyo ni San Mateo ay nagbalita din tungkol sa hula ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) pagdating ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), ang tinakwil ng mga Israel, at ang pagsikat ng Pamamayanang Muslim na ipinagkaloob sa kanila ang kaharian ng Diyos.

Tinanong sila ni Hesus, "Hindi pa ba ninyo nabasa sa talatang ito sa Kasulatan? Ang batong itinakwil ng mga tagapagpatayo ng bahay ay

siyang naging batong panulukan. Ginawa ito ng panginoon , at ito'y kahanga-hanga! Kaya nga sinabi ko sa inyo: hindi kayo ang paghaharian ng Diyos kundi ang bansang maglilingkod sa kanya ng tapat. Ang bumagsak sa batong ito ay magkadurug-durog, at magkaluray-luray ang mababagsakan nito".

Mateo 21 : 42-44

Ang hula tungkol sa pagdating ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay matagpuan din sa Lumang Tipan. Si Moises ay ibinalita na kinausap ng Diyos sa susunod na talata:

'Kaya pipili ako ng propetang tulad mo. Sa kanya ko ipasasabi ang ibig kong sabihin sa kanila. Sinumang hindi makinig sa kanya ay mananagot sa akin. Ngunit tiyak na mamamatay ang propetang mangangahas magsalita sa pangalan ko nang hindi ko pinahihintulutan o magsalita sa pangalan ng alinmang diyus-diyosan'. Upang matiyak ninyo kung ang sinabi ng propeta ay galing kay Yahweh o sinabi niya, yaon ay hindi mula kay Yahweh: sarili niyang katha iyon. Huwag ninyo siyang papansinin.

Deuteronomeo 18 : 18-22

Ang propeta ay kunin mula sa "kapatid ng mga Israel, at hindi sa kanilang lahi. Ang pangakong propeta ay kukunin mula sa lahi ni Ismael (sumakanya nawa ang kapayapaan), ang mga Arabo, na sila'y kapatid ng mga Hudyo. Si Abraham (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagkaroon ng anak na si Ismael at si Isaac (sumakanila nawa ang kapayapaan) ng mga Hudyo.

"Aking ilagay ang aking salita sa kanyang bibig", wika ng Diyos. Iyon ang tamang paglalarawan ng Banal na Qur'an. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay ang tagapagsalita lamang ng Diyos, siya'y nagsalita lamang kung ano ang tuluyang ipinahayag sa

kanya, at kaagad-agad na sinulat ng kanyang matapat na mga kasamahan at ang iba'y sinaulo para sa susunod na pagsasalin. Ang Diyos ay nagturo sa kanya:

Sabihin mo: "Ako'y hindi bago sa mga Sugo, at hindi ko alam ang mangyari sa akin at sa inyo. Ako'y sumusunod lamang sa mga ipinahayag sa akin, at ako'y isang maliwanag na tagapagpaala-ala lamang ". Qur'an 46:9

Ang Qur'an mismo ang humahamon sa mayroong pag-alinlangan tungkol sa Banal na kapahintulutan:

"Kung kayo'y mayroong pag-alinlangan hinggil sa Aming ipinahayag sa Aming alipin magkagayon ilahad ang isang kabanata na magkasingtulad sa aming (Qur'an) at tawagin ang inyong saksi maliban sa Allah kung kayo'y nagsasabi ng katotohanan. At kapag hindi ninyo magawa at kailanman ay hindi ninyo magagawa – magkagayon matakot sa apoy na ang panggatong ay tao at bato na inihanda sa mga hindi naniniwala. Qur'an 2 : 23-24

Sa loob ng 1400 taon ang paghahamon ay hindi pa nagawa ng tao o espiritu. Ang Qu'an ay nanatiling himala ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Hindi lamang isang himala na ibinalita, kundi totoong nangyari at ang tao ay puwedeng makipagtalo kung ito ba'y totoo o hindi. Ito ang hiwagang walang hanggang, nakakital sa aklat, gabay sa sangkatauhan. Inyong mabasa ngayon, bukas at hanggang kailan, nasa kadalisayan, hindi nasira, di-matutularang salitang Arabik na pinahayag ng Diyos. Kayo'y mabigyan sigla sa kadakilaan ng kanyang pamamaraan, karunungan at kaalaman na napapaloob sa Qur'an at sa napakataas na aral at pang-espiritwal na katuruan. Pinaratangan ang aking pananampalataya sa panghihikayat ng

kabuuang kahalagahan ng Qur'an. Kaya ating hayaan ang walang kinikilalang dakilang mananalaysay na si Edward Gibbon, kilalang manunulat, isang Kristiyano; kayo ang huhusga sa kanyang sinulat.

"Walang aklat sa ibabaw ng mundo na kagaya ng Banal na Qur'an na kung saan ang Diyos mismo ang gumawa ng mga panayam."

Di-maaring akalain ang anumang pagkabanal, kadakilaan, kadalisayan, kahanga-hanga, kataas-taasan at karapat-dapat na pagka-Diyos ng Diyos na sinasamba ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ang huwarang hindi mapaparisan; kapag isa man sa kanyang katangian ang mawala, ang kanyang kaganapan ay mawalan ng saysay, at hindi siya nangangailangan na dagdagan (ang kanyang katangian). Iyon ay pinakamataas na kuru-kuro ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) tungkol sa Diyos na pinahayag sa Qur'an. Siya ay matapang at matatag na napaukit ang pagkaunawa sa mahigpit na – pagkakaisa ng Diyos sa tala' ng kasaysayan at tungo sa pagkaunawa ng makatwirang tao at kanilang lubos na maunawaan.

Ito ang Aklat na ang mga Muslim ay naging Tagapagtatag ng Algebra, Kimika, Astronomiya at Modernong panggagamot mula sa Unibersidad ng Cordova, Cairo, Damasco at Baghdad sa panahon na ang mga Uropiyanong Kristiyano ay abalang-abala sa walang saysay na pagtatalo tungkol sa Trinidad, ang kalinis-linisang pagdadalang-tao, kaligtasan sa pamamagitan ng dugo at ang pagkatawang tao ng Diyos. Sa taong hindi marunong sumulat at bumasa, ipinanganak sa pamamayanan ng halos karamihan ay mangmang, ang unang taludtod na ipinahayag sa kanya at inutos sa Qur'an.

"Bumasa ka! Sa ngalan ng iyong Panginoong lumikha, na lumikha sa tao mula sa namumuong bagay. Iyong basahin! At ang iyong Panginoon ang Mapagbigay, Siya na nagturo (sa paggamit) ng panulat, na nagturo sa tao ng hindi niya nalalaman". Qur'an 96: 1 – 5

Hindi dahil sa Aklat (Qur'an) na ito ang pag-aaral ng mga Griyego, Persia, India, Tsina at Ehipto ay nanatiling bilanggo ng pagkakalimot, sa halip sila'y napapangalagaan, pinagyaman at tagapagmana ng ating panahon. Iyon ang Aklat na naghikayat sa tao, ang Aklat na naging pangrelihiyong tungkulin ng babae at lalaki ang maghanap ng kaalaman. Ito ang Aklat na bumago sa araw, buwan, bituin bilang bagay na sinasamba sa pagiging bagay na pag-aaralan, naging alipin ng tao sa tamang katawagan ng Qur'an. Siya ang Aklat na nagpalaya sa pang-unawa ng tao, at nagpalawak ng kanyang pag-iisip sa pagsisiyasat ng mga kaharian na hindi pa natuklasan hanggang ngayon.

"Kung kayo'y may kapangyarihan na lampasan ang pook ng mga kalangitan at kalupaan, magkagayon inyong daanan! Subalit hindi ninyo malampasan maliban sa (Kanyang) kapahintulutan". Qur'an 55:33

Ang di-mapapantayang himig ng kanyang matulaing prosa at ang kalaliman ng kanyang pangangatwiran at lohika na nagmula sa isang mangmang na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), ang mapagmataas at mahusay na mga Arabo sa Hijaz ay namangha. Sila'y nagpahayag lamang at nagtaka ng walang kakayahan: "Ito'y walang kabuluhan at salamangka lamang!" Isang salamangka? Hanggang ngayon ang pangkukulam, pagbabasa ng kapalaran sa kamay, at ang pagpalayas ng demonyo sa isang tao at yaong mga walang kabuluhang bagay ay isang pang-aliw sa madla. Tayo ngayon ay nasa panahon na ng Agham at karunungan, at ito ay di-natinag at di-matitinag na Salita ng Diyos na winika ng kanyang alipin na hinulaan ni Moises at Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan) na tagahatid ng bagong tinig. Ito at ang lahat ng mga kalinisan sa ating paligid ay ang mga nanatiling himala, mga tanda sa mga taong nag-iisip at nagmuni-muni.

"Katotohanan! Sa pagkalikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalin ng gabi at araw at paglayag ng mga sasakyang dagat sa kapakanan ng tao, at sa ulang pinapatak ng Allah mula sa langit na nagbigay buhay sa tigang na lupa, at sa ibat-ibang nilikhang may buhay na kanyang ikinalat, at sa pag-ihip ng hangin at sa mga ulap na nasa pagitan ng langit at lupa, tunay, ito ay ang mga Ayat (tanda) sa mga taong may pang-unawa".

Qur'an 2:164

"Kapag ang propeta ay magsalita sa pangalan ng kanyang Panginoon, at ang salita ay hindi mangyari o kaya'y walang katotohanan, ang salitang yaon ay hindi sinabi ng ating Panginoon; ito'y kapangahasan na winika ng propeta, hindi kayo dapat matakot sa kanya. "Ito ang winika ng Diyos kay Moises hinggil sa propetang darating".

Kung si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay mayroon pang ibang katangian na mas mahigit sa iba ito ay ang kahanga-hangang katuparan ng lahat ng mga hula, ito'y maging sa anyo ng Qur'an, o kaya sa sariling kakayahan. Ito ang katangian na kinikilala at kinatatakutan maging nang kanyang mga kalaban sa kanyang kapanahunan. Ang lahat na mga pinuno ng mga relihiyon, ang kanilang buhay ay nasangkot sa sapot ng mga alamat. Ang kanyang hula tungkol sa pagtagumpay ng mga Romano laban sa Persia, at ang walang karanasang maliit na pamayanan ng Muslim, hinahabol at inaapi ng mga napakalakas na bansa ng Roma at Persia, subalit ito'y iilan sa mga halimbawa ng winasak na bansa at ito'y katuparan ng kanyang hula. Hindi ibig sabihin na alam niya ang hinaharap siya ay isang Taga-Pagbabala lamang at gabay sa pagpaabot ng mensahe ng Diyos para sa kabutihan ng sangkatauhan. Katotohanan hindi siya ang nagsasalita, subalit ang Diyos na nakakabatid ng lahat ang siyang nagsasalita sa pamagitan niya.

"At ako'y kukuha ng propeta na katulad mo", sabi kay Moises. Ano ang katulad ni Moises? Isang propeta at isang pulitikong pinuno, tagapagtatag ng mamamayan, mambabatas, isang takas na namuno ng kanyang mamamayan mula sa pagka-alipin. Mayroon ba sa kasaysayan na katulad niya, maliban kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan)? Si Moises ay mayroong Taurat, si Muhammad naman ay may Qur'an. Si Moises ay humatol sa mga Israel, si Muhammad naman sa mga Muslim, Kristiyano, Hudyo at Pagano. Si Moises ay namuno sa kanyang tauhan mula sa Ehipto, si Muhammad naman ay namuno mula sa Makkah. Kitang-kita ang pagkakahawig; ang kaibahan ay ang antas (ng pangyayari).

"Kapag ang Propeta'y magkunwari na magsalita sa aking pangalan na hindi ko ipinag-utos sa kanya, kaya'y magsalita sa pangalan ng ibang diyos, ang propetang yaon ay mamatay". Ang banal na babala ay inulit sa Qur'an.

"At kapag siya ay umimbento ng salita ng kabulaanan tungkol sa Amin, siya ay Aming susunggaban sa kanang kamay, at Aming puputulin ang ugat ng kanyang puso; mayroon ba sa inyong makapagpigil sa aming (matinding galit)?" Qur'an 69:44-47

Ang kamatayan ay hindi maiwasan ng lahat na isinilang mula sa babae. Ano ngayon ang mahalagang kahulugan ng salita ng Diyos kay Moises na kapag ang isang propeta ay bulaan siya'y "mamatay?" Ito'y maliwanag na nangahulugan na siya'y makaharap ng kamatayan ng wala sa panahon o kaya'y isang malupit na kamatayan.

Isang makatotohanang kasaysayan na naranasan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang di-makataong paghihirap, at napakaraming pagkakataon na tangkain ang kanyang

buhay, sa tulong ng Diyos ay kanyang natakasan hanggang siya ay namatay ng mapayapa sa kanyang higaan sa edad na 63. Pagkatapos ng kanyang misyon sa loob ng dalawampu't tatlong taon at siya'y yumao. Tatlong buwan bago siya namatay siya'y nagpahayag ng salita ng Diyos:

"Sa araw na ito ay pinaging ganap ko ang inyong relihiyon, at pinili ko ang Islam para sa inyo – pagsunod sa kalooban ng Diyos na inyong relihiyon."

Anim na siglo bago nito ay sinabi ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan): Ang aking pagkain ay ang pagsunod sa kalooban ng nagpadala sa akin at tuparin ang kanyang pinag-utos".

Sila'y parehong nangangahulugan ng Islam (pagsunod sa kalooban ng Diyos) ang walang pinagmulan at walang katapusan dahil ito'y likas na pananampalataya. Ito'y pamaraan ng Diyos ayon sa kanyang dibuho kung paano niya likhain ang tao.

"At iyong iharap ang iyong mukha sa pananampalataya, ito'y pamaraan ng Diyos ayon sa kanyang dibuho kung paano niya likhain ang tao; walang pagbabago sa gawa ng Diyos, ito ang tuwid na pananampalataya. Subalit karamihan sa tao ay walang kaalaman". Qur'an 30:30

Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay walang hanggang tungkulin ng tao, at dito nakasalalay ang kabanalan ng may hanggang buhay at kaligtasan sa kabilang buhay yaon ay walang katapusan.

## KATAPUSANG SALITA

Sinimulan ko ang sanaysay na ito mula sa sipi ng isang pari na si John Mackenzie. Ako'y walang magawang pasiya na mas-mainam maliban sa isang sipi ng isang Kristiyanong manunulat, si Geoffrey Parrinder na sinulat sa kanyang aklat: Si Hesus sa Qur'an:

Sadyang napakadaling magpalagay na ang lahat na kinaugaliang doktrina ay matibay na batay sa Biblia. Ang Semitikong pananaw ng Diyos ay nangangailangan na liwanagin ng mga Griyegong kuru-kuro na bumabalot nito. Magkagayon kapag ang teolohiya ay mayroong kaugnayan sa makabagong daigdig ito'y kinakailangan na ipahayag niya sa makabuluhan na pamamaraan. Ang mga salita kayaga ng Anak ng Diyos, Trinidad at kaligtasan na maiwasto at bigyan ng bagong kahulugan. Konsepto ng hula, inspirasyon at rebilasyon ay kinakailangang suriing muli sa pananaw na walang pag-alinlangang rebelasyon ng Diyos kay Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at sa Qur'an. Magkagayon, mahigit na makatotohanang kawanggawa at mapagbigay na pang-unawa ay kailangang ipakita sa mga kasapi ng ibang pananampalataya. Ang kahalintulad ng Islam hinggil sa ibang angkan ng kasulatan ay palagiang naglalagay sa atin sa kahihiyan. Ang mga Kristiyano ay kailangang palagiang alalahanin ang salita ni Hesus: ***"Bakit tinatawag ninyo akong Panginoon, Panginoon, at hindi ninyo tinupad ang aking sinasabi?'***

# هذا الكتاب

العنوان : **دع الإنجيل يتكلم**

المؤلف : **علي محسن**

المترجم : **عيسى ريال**

= يثبت انحراف ما عليه النصارى فى هذا الزمان.

= يبين أخطاء الأناجيل المتداوله بين النصارى وأنه ليس من كلام الله.

= يثبت أن عيسى عليه السلام بشر ورسول من عند الله.

= يدحض حجج النصارى الواهية.

= وغير ذلك من المباحث الهامة.

= ينصح بتوزيعة على النصارى.

# PALIGSAHAN

## Sa Aklat na Pinamagatang:

# "HAYAAN ANG BIBLIYA ANG MAGSASALAYSAY"

### BILUGAN ANG TAMANG SAGOT

**1- Ang kaalaman ni ______ ang nagpaunlad ng doktrinang orihinal na kasalanan.**

a- Pablo
b- Juan
c- Mateo

**2- Ang Ebanghelyo ni _______ lamang ang nagbigay diin sa pagkadiyos ni Hesus at tinawag siyang anak ng Diyos.**

a- Marcos
b- Lukas
c- Juan

**3- Nang Makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Hesus, sinabi nila, "Tunay na ito ang Propetang paririto sa sanlibutan!" _________.**

a- Mateo 21:46
b- Juan 6:14
c- Lukas 24:19

**4- "Huwag ninyong akalaing naparito ako upang pawalang-bisa ang Kautusan at ang aral ng mga Propeta. Naparito ako. Hindi upang pawalang-bisa, kundi para ipaliwanag at ganapin ang mga iyon"_________.**

a- Juan 3:16
b- Mateo 5:17-20
c- Marcos 10:42-45

**5- Sa panahon at pamumuno ni _________, nilikom ang mga bahagi ng Qur'an.**

a- Abu Bakr
b- Omar
c- Uthman

6- “Subali’t siya’y (Hesus) di nila napatay, o naipako sa krus nguni’t lumabas lamang sa kanila na parang gayon nga”________.

a- Qur'an 2:210
b- Qur’an 4:157
c- Qur’an 6:103

7- Si Aisha ay nagsabi: Ang kaugalian ni Propeta Muhammad ay ang __________.

a- Qur’an
b- Sunnah
c- Ihṣan

8- Ang unang martir sa Islam ay si __________.

a- Hamzah
b- Yaasir
c- Bilal

9- Ang nabanggit na pangalan ni Propeta Muhammad sa Qur’an ay __________.

a- Ahmad
b- Farooq
c- Qasim

10- “Walang aklat sa ibabaw ng mundo na kagaya ng Banal na Qur’an na kung saan ang Diyos mismo ang gumawa ng mga panayam”. Ang nagsabi nito ay si: __________.

a- Thomas Carlyle
b- Rudolf Bultman
c- Edward Gibbon


**Inihanda ni: Mohammad Taha Ali**

**Islamic Propagation Office in Rabwah**

## ANG MGA KONDISYON NG PALIGSAHANG IKA-(17)

### SA TAONG 1436 H. 2015 G.

1. Sagutin ang lahat ng tanong sa aklat na pinamagatang: "*HAYAAN ANG BIBLIYA ANG MAGSASALAYSAY*".
2. Ipadala ang sagot sa Tanggapan ng Rabwah nang personal, o sa pamamagitan ng aming Address P.O.Box: 29465 Riyadh 11457 K.S.A. o sa E-Mail address ng Office (jaliyat@islamhouse.com) na hindi lumampas sa araw ng LINGGO, SEPTYEMBRE (13) 2015.
3. Isulat ang pangalan ayon sa pagkasulat sa (Passport/ Iqamah/ ID) sa oras na ang pangalan ng nagwagi ay hindi tumugma sa kanyang (Passport/ Iqamah o ID) ang papremyo ay hindi niya matatanggap.
4. Kailangang isulat ang Pangalan, Wika, Tirahan, E-Mail, Telepono o Mobile.
5. Ilalathala ang pangalan ng mga nagwagi sa Tanggapan ng Rabwah sa BUWAN NG MUHARRAM 1437 H. (OKTUBRE 2015) "Insha Allah" at sa website address ng Office ( www.islamhouse.com ).
6. Tatawagan namin ang mga nagwagi sa Telepono para sa pagbati.
7. Ilalathala namin ang araw at lugar ng pagdiriwang sa pamamahagi ng mga papremyo sa mga susunod na araw (Kaya mangyaring antabayanan ito sa website address ng Office: www.islamhouse.com , sa Facebook, sa Twitter at Instagram ng Rabwah Office).
8. Isulat ang sagot sa blangkong papel, ayusin ang pagkasulat at hayaang isulat ang wikang TAGALOG sa itaas ng sagot.
9. Ang pangungupya ng sagot ng iba ay matinding ipinagbabawal sa Islam. Kaya't ang magkakatulad na mga sagot ay aming isasantabi.
10. Ang pinakahuling takdang panahon ng pagtanggap ng mga napanalunan ay hanggang sa KATAPUSAN NG BUWAN NG SAFAR 1437 lamang, sapagka't pagkalipas ng petsang ito wala nang karapatan pa ang nagwagi na kunin ang premyo maging sa anupamang kadahilanan.
11. Hindi bababa ang edad ng manlalahok ng sampung taon.



# ANG MGA PAPREMYO NG PALIGSAHAN:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Ang magwawagi ng: | ( First ) | 1500 S.R. |
| 2 | Ang magwawagi ng: | ( Second ) | 1250 S.R. |
| 3 | Ang magwawagi ng: | ( Third ) | 1000 S.R. |

## PARA SA IBA PANG MAGWAWAGI

**Kami rin ay magbibigay ng cash na papremyo sa iba pang mga magsisipagwagi, depende sa dami ng bilang ng magsisipaglahok sa Paligsahan.**



المسابقة الثقافية
الرمضانية السابعة عشر
للجاليات ١٤٣٦هـ

# PALIGSAHAN

## Sa Pagsasa-ulo sa Banal na Qur'an

**Mga Kondisyon at Papremyo ng ika-(17) na paligsahan sa Banal na Qur'an sa Buwan ng Ramadan para sa mga Filipino taong 1436 H. – 2015 G.**

**Ang mga Isasaulo at Itinakdang Kondisyon sa Bawat Antas**

**UNANG ANTAS:**

**(30) NA JUZ (BAHAGI):**

**Simula sa unang Juz' (1) hanggang sa ika-(30).**

**Ang bahaging ito ay para lamang sa mga nagtuturo ng Qur'an, nakakasaulo nito at mga estudyante ng mga Unibersidad.**

**(Lalaki't babae)**

**IKALAWANG ANTAS:**

**(10) NA JUZ (BAHAGI):**

**Simula sa ika-(21) na Juz' hanggang sa ika-(30).**

**Ang bahaging ito ay para lamang sa mga katamtaman ang pagkakasa-ulo sa Banal na Qur'an.**

**(Lalaki't babae)**

**IKATLONG ANTAS:**

**(4) NA JUZ (BAHAGI):**

**Simula sa ika-(27) na Juz' hanggang sa ika-(30).**

**Ang bahaging ito ay para sa mga nag-uumpisa pa lamang sa pagsasa-ulo ng Banal na Qur'an.**

**(Lalaki't babae)**

المسابقة الثقافية
الرمضانية السابعة عشر
للجاليات ١٤٣٦هـ

## IKAAPAT NA ANTAS:

### ISANG JUZ (BAHAGI):

### Ang ika-(30) na Juz.

Ang bahaging ito ay para lamang sa mga bata na ang gulang ay mababa sa sampung taon.

(Lalaki't babae)

## IKALIMANG ANTAS:

### (20) NA SURAH (KABANATA):

### Simula sa Surah At-Tin hanggang sa Surah An-Nas, kasama na ang Surah Al-Fatihah.

Ang Bahaging ito ay para lamang sa mga bagong yakap sa Islam, sa kondisyon na dala niya ang orihinal na certipicate sa pagka-muslim sa oras ng pagpaparinig.

(Lalaki't babae)

## ANG PANGKALAHATANG KONDISYON

1. Ang paligsahang ito ay para lamang sa mga nagsasalita ng wikang Filipino (TAGALOG)
2. Malayang lumahok ang lalaki't babae sa antas na itinakda lamang sa kanila, samakatuwid hindi ipinapahintulot sa kanila na lumahok sa ibang antas na hindi para sa kanila.
3. Hindi ipinapahintulot sa mga magsisipaglahok ng paligsahan na lumahok nang higit sa isang antas.
4. Gaganapin ang pagpaparinig (para sa mga kalalakihan) sa Al-Huwayrini Masjid na malapit sa aming Tanggapan sa araw na ika-(17) at ika-(18) sa buwan ng Ramadan, pagkatapos ng Salah sa Tarawih hanggang (12:00pm), at sa ika-(14) sa buwan ng Dhul Qaidah, simula pagkatapos ng Salah sa Maghrib hanggang sa

(10:00pm), at sa Jaami` Al-Muntaza sa Al-Wizaarat area, sa ika-(19) sa buwan ng Dhul Qaidah, simula pagkatapos ng Salah sa `Asr hanggang sa Salah ng Maghrib, at gayundin sa iba pang mga lugar na hindi pa namin naitatakda.

5. Gaganapin ang pagpaparinig (para sa mga kababaihan) sa seksyon ng kababaihan na sangay ng aming Tanggapan sa ika-(15) sa buwan ng Dhul Qaidah, simula pagkatapos ng Salah sa Maghrib hanggang sa (9:00pm), at kami ay humihingi ng paumanhin sa sinumang hindi nakarating sa mga natatakdaang panahon, at magkakaroon din ng pagpaparinig sa ilang Dar (Center) para sa mga kababaihan tulad ng Dar Atikah sa Al-Wizaarat area, sa araw ng Huwebes, Biyernes at Sabado, ika-(19-20-21) sa buwan ng Dhul Qaidah, pagkatapos ng Salah sa Asr hanggang sa Salah ng Maghrib, at sa Dar Nurul Qur'an sa Malaz area, sa araw ng Linggo, Lunes at Martes, ika-(15-16-17) sa buwan ng Dhul Qaidah sa umaga.

6. Maaaring lumahok sa paligsahan ang mga batang lalaki't babae ayon sa antas na itinakda lamang para sa kanila.

7. Ang bawa't lumahok sa paligsahan ay makakatanggap din ng regalo bilang panghikayat sa kanilang paglahok.

8. Ilalathala ang pangalan ng mga magsisipagwagi (lalaki't babae), simula sa ika-(14) sa buwan ng October 2015, sa Website Address namin (www.islamhouse.com), at Tatawagan namin ang mga nagwagi upang ipagbigay alam sa kanila ang petsa at lugar na siyang pagdarausan ng pagdiriwang.

9. Kapag hindi dumating ang nagwagi sa pagtanggap ng premyo pagkatapos ng pagdiriwang makalipas ang sampung araw, sa gayon mawawalan siya ng karapatang kunin pa ang kanyang premyo maging sa anupamang kadahilanan, at kailangan ding magdala ng xerox ng Iqamah o Passport sa oras na kukunin ang mga cash na papremyo.

# ANG MGA PAPREMYO SA BAWAT ANTAS

| ANG NAGWAGI | Antas (1) | Antas (2) | Antas (3) | Antas (4) | Antas (5) |
|---|---|---|---|---|---|
| Una | 1500 | 1000 | 700 | 500 | 900 |
| Pangalawa | 1400 | 900 | 600 | 400 | 800 |
| Pangatlo | 1300 | 800 | 500 | 300 | 600 |
| Pang-apat | 1200 | 700 | 400 | 200 | 500 |
| Panglima | 1100 | 600 | 300 | 200 | 400 |
| Pang-anim | 1000 | 500 | 200 | 200 | 300 |
| Pang-pito | 900 | 400 | 150 | 150 | 200 |
| Pangwalo | 800 | 300 | 150 | 150 | 100 |
| Pangsiyam | 700 | 200 | 100 | 100 | 100 |
| Pangsampu | 600 | 100 | 100 | 100 | 100 |
| **TOTAL** | 10,500 | 5,500 | 3,200 | 2,300 | 4,000 |

**Para sa karagdagang impormasyon tumawag lamang po kay Brother: Mohammad Taha Ali (0554370319 - 4454900 Ext. 302)**

المسابقة الثقافية
الرمضانية السابعة عشر
للجاليات ١٤٣٦هـ




ننشر
الإسلام
بـ ١٠٠ لغة

INIHAHANDOG NAMIN ANG PAGLALAHAD SA ISLAM SA PAMAMAGITAN NG HIGIT PA SA 100 WIKA

# Islamhouse.com


المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

keek

OFFICERABWAH